Sa nakalipas na limang taon, nakipaglakbay si Maria Lyra R. Verzosa sa mga survivor ng mga sakuna mula Basilan, Maguindanao, Zambales, Albay, Leyte, Benguet, Iloilo at Maynila katuwang ng mga ahensya ng gobyerno, simbahan, NGO at mga PO. Sinisikap niyang mapagsanib ang mga disiplina ng Chemical Engineering- na siyang tinapos niya sa UP-Diliman, ang pabaong MA Counseling Psychology ng Ateneo de Manila, at higit sa lahat, ang diwa ng pakikipagkapwa hango sa karanasan ng pakikipamuhay sa mga katutubo at maralita patungo sa pagbuo ng isang Mapagmalasakit na Agham.

## **Ma. Angeles Guanzon-Lapeña**

De La Salle University

Kasaping Tagapagtatag (charter member) ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino noong 1975, naging pangulo rin ng samahan mula 2000 hanggang 2002, at ginawaran ng PSSP para sa kanyang kontribusyon sa pagpapalaganap ng pagbuo ng mga lokal na panukat at sa kanyang patuloy na pag-aaral tungkol sa Panukat ng Ugali at Pagkatao ni Dr. Virgilio Enriquez. Naging tagapangulo ng Departamento ng Sikolohiya ng Pamantasang De La Salle (September 2008 – August 2010), kasalukuyang Pangulo ng SOS Children's Villages Philippines, at Board Member ng Philippine Psychology Research and Training House.



## Grace Aguilung-Dalisay

University of the Philippines-Diliman

Si Dr. Aguilung-Dalisay ay aktibo sa larangan ng edukasyon, sikolohiya, boluntarismo at pag-unlad ng tao. Dati siyang Bise-Presidente ng Usaping Pang-Akademiko sa Miriam College at ngayon ay Propesor ng Sikolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Kasapi siya ng Lupon ng mga Direktor ng Center for Educational Measurement, Philippine Association of Private Schools, Colleges and Universities (PAPSCU), at Republican College kung saan siya ang Tagapamuno ng Lupon.



Katuwang siya sa gawaing pagtaya ng Philippine Council for NGO Certification (PCNC), Tagapamuno ng Lupon ng mga Direktor ng Voluntary Services Overseas (VSO)-Bahaginan at Pangulong Tagapagtatag ng Volunteer Organizations Information, Coordination and Exchange (VOICE) Network na ang pangunahing opisina ay matatagpuan sa Xavier University, Cagayan de Oro. Siya rin ang kinatawan ng Pilipinas sa International Board ng VSO Federation sa Inglatera.

Si Dr. Grace ay Kasaping Panghabangbuhay ng PSSP. Naglingkod siya bilang Pangulo ng PSSP noon 1993 hanggang 1994 at mula 2003 hanggang 2007. Kasalukuyan siyang Direktor ng Lupon ng Tagapangasiwa ng PSSP.

## Benito Teehankee

De La Salle University



Dr. Benito "Ben" Teehankee is associate professor in the Business Management Department of the College of Business of De La Salle University where he also serves as the Coordinator of the Doctor of Business Administration Program. He has been teaching for more than 25 years including courses in statistics, research methods, total quality management, business ethics, organizational behavior, managing change, strategic management, corporate governance, management theory, and faith-based management.

Ben completed his AB Behavioral Sciences and BSC Business Management at De La Salle University, his Master of Statistics at the University of the Philippines-Diliman and his Doctor of Business Administration at De La Salle University.

His research interests are in humanistic management, business ethics, corporate governance, quality management, leadership and Catholic Social Teaching applied to management. His publications include "Humanistic Entrepreneurship" in the *Asia-Pacific Social Science Review* in 2009, "Why should corporations be socially responsible?" in *Doing Good in Business Matters* in 2008, "Corporate governance" in *Essentials of investments in the Philippine capital market* in 2004, "Professionals and ethics" in *The Accountant's Journal* in 2003, and "Culturally sensitive leadership in the Philippine setting" in *Leading in High Growth Asia: Managing Relationships for Teamwork and Change* in 2002. He writes columns on ethics, management, leadership, corporate governance and corporate social responsibility for *BusinessWorld*, *Manila Times*, *Manila Standard Today* and *Business Mirror*. His column in *The Manila Times* was awarded a Special Citation for Best Business Column by the Catholic Mass Media Awards for 2009.

Ben has served as speaker or consultant to various private, government and educational organizations including Globe Telecom, PLDT, Siemens, Andersen Consulting, Petron, Amkor, Consuelo Foundation, the Bureau of Food and Drugs, the Department of Interior and Local Government, University of Santo Tomas, Miriam College, St. Scholastica's College, the World Health Organization, among many others. His consulting areas have included leadership, ethics, process improvement, total quality management, corporate culture, information technology applications, communication, teambuilding, strategic thinking, and creativity, among others. He has delivered academic and professional development lectures in Tokyo, Melbourne, Jakarta, Hanoi and Edinburgh.

He was founding president of the Philippine eLearning Society (PeLS), past president of the Philippine Society for IT Educators (PSITE), board member of the

Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) and founding president and board member of the Philippine Academy of Management (PAoM). He is the Chairman of the Technical Panel on Transnational and Distance Education under the Commission on Higher Education (CHED). He is also a member of the Ethics Committee of the Pharmaceutical and Healthcare Association of the Philippines (PHAP).

Ben is married to the former Ma. Yolanda Pascual and has two sons, Ricardo and Nico.

## Jay Yacat

University of the Philippines-Diliman

Jay Yacat teaches Sikolohiyang Pilipino and courses in research methods at the UP Department of Psychology. He has done research, training and advocacy in the areas of children's rights, child abuse, youth participation, corporal punishment, and national identity. Prof. Yacat is a trainer, facilitator and resource person for different training programs and activities on children's rights, leadership and young people's participation, volunteering, disaster mental health and psychosocial assistance.



He has also co-written a number of training modules and reference manuals on various topics: *Helping, Healing*, a four volume manual that teaches social workers and other child caregivers holistic, child-oriented, and culturally appropriate approaches in helping CNSP; *Small Steps, Great Strides*, a how-to manual on doing Participatory Action Research for Children; the *Handbook for Social Workers on Basic Bio-Psychosocial Help for Children in Need of Special Protection*; and *Teaching Peace, Human Rights and Conflict Resolution*, a training manual.

Prof. Yacat is currently finishing his PhD in Psychology at the University of the Philippines, Diliman where he also obtained his BA and MA degrees in psychology. He serves as the Managing Director of PSSP and member of the Board of Directors of the Psychological Association of the Philippines.

## Antonio Contreras

De La Salle University

Antonio Contreras is Professor of Political Science at the De La Salle University Manila. He is the author of *The Kingdom and the Republic: Forest Governance and Political Transformation in Thailand and the Philippines* (2003) and *Locating the Political in the Ecological: Globalization, State-Civil Society Articulations and Environmental Governance in the Philippines* (2002). He obtained his B.S. in Forestry Degree (Magna Cum Laude) from UPLB in 1982, his M.S. in Forestry from the same University in 1985, and his M.A. and Ph.D. in Political Science from the University of Hawai'i under an East-West Center Student Fellowship in 1989 and 1991, respectively. He was Dean of the College of Liberal Arts of DLSU from 2004-2008. He is a recipient of numerous awards and fellowships, including the Asian Studies in Asia Fellowship as Visiting Researcher at Chiang Mai University in Thailand, and the East-West Center Visiting Fellowship, both in 2000, and the Senior Fulbright Fellowship as Visiting Scholar at the University of Hawaii in 2009. He has published substantially in the area of environmental policy and governance, among others. Currently, his area of scholarly inquiries has shifted to cultural politics and the politics of everyday lives.



## Alejandro Ciencia

University of the Philippines-Baguiο



Si Dr. Alejandro Ciencia is a professor of the Department of Economics and Political Science at University of the Philippines Baguiο. Dr. Ciencia engaged in a pioneering work that focuses on judicial decision-making in the Philippines. He analyzed the Supreme Court's reversal of its ruling in December 2004 on the constitutionality of the Mining Act of 1995. He presented a paper about it at the 5<sup>th</sup> East-West Center International Graduate Student Conference held at

Honolulu, Hawaii USA on February 16-18 of 2006. He recently presented a lecture on this topic last August 26, 2010 as part of the many scholarly works done for the Cordillera Studies Center of the University of the Philippines.

# ABSTRAK NG MGA PAPEL SA SABAYANG SESYON

## SYMPOSIUM SA PAGTUTURO NG SP

Room CSS201

November 25, 1:30-2:30 n.h.

### **SP sa SP: Sama-samang pagtuklas sa Sikolohiyang Pilipino**

Christine Ann A. De Villa, at Charmaine P. Galano

Unibersidad ng Pilipinas Los Banos

Malayo na ang narating ng Sikolohiyang Pilipino (SP) simula noong unang Pambansang Kumperensya ng PSSP noong 1976. Bagaman nakikitang may kakapusan pa rin sa mga pag-aaral at nalimbag na papel kung ihahambing sa Kanluraning Sikolohiya, hindi naman maikakaila na buhay na buhay ang diwa ng SP sa mga nagsusulong nito. Ang diwang ito ang nagpapanatili at nagbibigay inspirasyon upang maging malikhain at maparaan sa pagtuturo.

Sang-ayon sa prinsipyo ng SP sa pagkapatay ng kalahok at mananaliksik, kinikilala rin ang malaking maiaambag ng mga mag-aaral sa Sama-samang Pagtuklas sa Sikolohiyang Pilipino. Tunay ngang malaki ang papel na ginagampanan ng mga mag-aaral sa pagkatuto at pagtuklas ng kaalaman. Layunin ng kasalakuyang papel na ilarawan kung paano nagiging makabuluhan ang mga batayang prinsipyo ng SP sa Sama-samang Pagtuklas bilang lapit sa pagtuturo. Pagbabatayan ng papel ang naging karanasan ng mga tagapaglahad sa pagtuturo ng mga kurso sa Sikolohiya (SP at mainstream) sa UP Los Banos kung saan walang programang batsilyer para Sikolohiya. Nakita ng mga tagapaglahad ang pangangailangang mas ilapat sa karanasan ng mga mag-aaral ang pagtuklas ng kaalaman. Sa ganitong konteksto rin naging matingkad ang pagkilala sa kakayahan ng mga mag-aaral, hindi lamang ng guro, upang maging tagapamagitan ng pagkatuto sa loob ng silid-aralan sa pamamagitan ng pagsasanay sa iba't ibang pamamaraan ng pananaliksik, kwalitatibo man o kwantitatibo.

### **Pagbuo ng isang programang maka-Pilipino at maka-kapwa: Karanasan sa Psych o' Clock Habit**

Cherrie Joy Billedo, at Jose Antonio Clemente

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Isa sa mga tinukoy ni Enriquez (1994) na mahalagang pagtuunan ng pansin ang posibleng gamit ng katutubong sikolohiya sa larangan ng mass media. Subalit anong balangkas kaya ang pwedeng magamit para matugunan ang hamong ito? Layunin ng kasalukuyang pag-aaral na 1) gamitin bilang balangkas ang saligang prinsipyo ng katutubong pananaliksik (Pe-Pua, 2005) bilang batayan sa pagbuo ng programang pangradyo na Psych o' Clock Habit at 2) maipakita na mabisang paraan ang radyo para maipaot ang Sikolohiyang Pilipino sa mas nakakaraming tao. Batay sa naging panayam sa 2 dating host ng isang programang pang-radyo at sa 2 set ng sarbey sa 200 estudyante sa kolehiyo, nakitang 1) may pangangailangan para sa isang programang mapag-uusapan ang mga lokal na karanasan gamit ang mas lokal na lente o balangkas, 2) na mahalaga sa programang pang-radyo na maging palagay ang loob ng mga tagapakinig nito, at 3) na malaki ang ginagampanang tungkulin ng aktibong pakikilahok ng mga tagapakinig para mas mapalalim ang kanilang pag-unawa sa kanilang kaisipan at karanasan.

### **Ang Pagkataong Pilipino sa Wika, Panitikan at Kultura: Ang Bisa ng Sikolohiyang Pilipino sa Pagtuturo ng Wika at Panitikang Rehiyonal**

Jayson Petras

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Bahagi ng mandato ng Konstitusyon ng 1987 ng Republika ng Pilipinas ang pagbibigay ng masusing atensiyon at halaga sa mga wika, panitikan at kultura mula sa rehiyon. Malinaw itong isinasaad sa Artikulo 14, Seksyon 6, na "Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang naliliang ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika sa Pilipinas, gayundin ang mga likhang sining." Bilang sakop ng larangan ng sining at humanidades, ang pagtuturo ng wika, panitikan at kultura ng mga rehiyon ay nagsisilbing pundasyon sa pagkilala sa kakanyahan at kaakuhang Pilipino sa kabuuan. Sa ganitong pagtingin, mahalagang masipat ang pagtuturo at pagkatuto sa mga kurso sa wika at panitikan sa lente ng pag-aaral sa Sikolohiyang Pilipino. Layunin ng papel na ito, kung gayon, na tingnan ang bisa



ng Sikolohiyang Pilipino sa ganap na pagsasakonteksto ng pag-aaral sa wika at panitikang rehiyonal, partikular sa kursong Araling Pilipino 12 na itinuturo sa UP Diliman. Sa pamamagitan nito, makikita ang bentahe at hamon pa sa kurso tungo sa ganap na pagkilala sa pagkataong Pilipino.

### **BAKAS ng SP: Aplikasyon ng Sikolohiyang Pilipino sa Balangkas ng Bagong Kasaysayan**

Ros Costelo, Unibersidad ng Pilipinas Los Banos

Adonis Elumbre, Unibersidad ng Pilipinas Baguio

Ma. Kathryn Ann Manalo, Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Decada '70 nang puspusang naghagilap ng "wika" ang mga akademiko upang bigyang kapaliwagan ang ligalig na naranasan ng mga Pilipino bunsod ng kalagayang panlipunan na iniluwal ng diktaduryang Marcos. Sa pusod ng mga pagdadalumat na ito, isinilang ang mga agham panlipunang tumuon sa pagsusuri ng pagkatao at lipunang Pilipino mula sa loob. Tugon ito sa tigas-ulong paggamit ng mga batayang mula sa labas upang uwain ang ating sariling mga realidad at kaakuhan.

Masasabing hindi hiwalay ang kasaysayan at pundamental na epistemolohiya, kapwa ng Sikolohiyang Pilipino (SP) ni Virgilio Enriquez at Bagong Kasaysayan (BAKAS) ni Zeus Salazar. Ang huli ay nakapaghawan pa nga ng historikal na batayan sa pagsusulong ng isang sikolohiyang mula sa Pilipino at para sa Pilipino. Sa parehong disiplina at kilusan sa akademya, nabuo ang mga panukalang balangkas pangkaisipan na kontra-diskurso sa mga Kanluranin at maka-Kanluraning teorya. Malaki ang ibinunsod ng ganitong transpormasyon sa pagpapalawak ng base ng ating kaalamang bayan sa kasalukuyan.

Itatampok sa papel ang pagtatagpo ng Sikolohiyang Pilipino at Bagong Kasaysayan sa diwa ng proyektong uwain ang ating nakalipas na karanasan. Ang ating pambansang naratibo ang pundasyon sa anumang kaisipan at pagkilos sa kasalukuyan at sa hinaharap. Sinasabi ngang tanging sa paglingon sa nakaraan matutunton ang paroroonan. Sa pagbabagong-hugis ng historiograpiyang Pilipino, imamapa ang ambag ng SP sa mga ikutang pangyayari at "malalaking istruktura ng panahon" sa ating kasaysayan. Partikular na gagawing lunsaran ang "Kasaysayan ng Kapilipinuhan: Bagong Balangkas" ni Zeus Salazar at iba pang mga kaugnay na pagpupunyaging maaring labas pa sa rubrikong BAKAS.

### **PAGTATASA AT EDUKASYON**

Room CSS203

November 25, 1:30-2:30 n.h.

### **The Role of Teachers' Language Behavior on Students' Affective Filter, Willingness to Communicate and Use of Second Language (Ang Gampanin ng Pag-uugaling Pangwika ng mga Guro sa Pagsasalang Apektibo, Kagastuhang Makipag-usap, at Paggamit ng Ikalawang Wika ng mga Mag-aaral)**

Noel T. Franco, University of Regina Carmeli

Valerie Judy R. Casiban, Holy Spirit Academy of Malolos

Johnny T. Zamora, De La Salle College of Saint Benilde

Ang kaugnayan ng apektibo at pangalawang wikang komunikasyon na mga baryabol ay inimbestigahan ni Hashimoto (2002) gamit ang Modelo ng Pagnanais na Makipag-usap (Macyntire, 1994) at ang Modelong Sosyo-edukasyunal ( Gardner , 1985). Pinalawak niya ang mga modelong nabanggit sa pamamagitan ng pagsusuri ng kakayahan ng mga modelong ito na mahulaan ang paggamit ng wika sa konteksto ng pag-aaral ng Ingles bilang ikalawang wika ng mga Hapones. Ang pag-aaral ni Hashimoto ay may pagkakahawig sa pag-aaral na ginawa nila Macyntire at Charos (1996) kung saan inimbestigahan nila ang pagnanais ng mga mag-aaral na gamitin ang Pranses bilang pangalawang wika sa Canada .

Samantala, ang kasalukuyang pag-aaral ay gumamit ng tatlong modelo (tulad ng Modelo ng Pag-uugaling Pangwika ng mga Guro, Modelo sa Pagnanais na Makipag-usap, at Modelong Sosyo-edukasyunal) bilang balangkas sa pag-iimbestiga ng mga kaugnayan ng mga pangunahing baryabol kabilang ang pag-uugaling pangwika ng mga guro (PPG); apektibong pagsasala gaya ng motibasyon, pangamba na makipag-usap, at inisip na kakayahan; pagnanais na makipag-usap at kadalasan ng paggamit ng wika sa konteksto ng pag-aaral ng Ingles bilang ikalawang wika sa Pilipinas. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kaparaanang istruktural na ekwasyon sa pagmomodelo gamit ang AMOS bersiyon 18.0 ang napiling (sa

random na kaparaanan) 500 na mga Pilipinong mag-aaral sa kolehiyo mula sa isang pamantasan sa Pilipinas.

Ipinakita ng resulta ng pag-aaral na: ang pangamba na makipag-usap ay nagpapababa ng iniisip na kakayahan at ang dalawang bariyabul na ito pati ang motibasyon at pagnanais na makipag-usap ay direktang nakakaapekto sa kadalasan ng paggamit ng wika; ang motibasyon at pangamba sa pakikipag-usap ay hindi nakakatulong sa lawak ng pagnanais na makipag-usap ngunit ang iniisip na kakayahan ay nakakatulong sa lawak ng pagnanais na makipag-usap; at ang pag-uugaling pangwika ng mga guro ay direktang nakakaimpluwensya sa motibasyon, pangamba sa pakikipag-usap at pagnanais na makipag-usap ngunit hindi sa iniisip na kakayahan at kadalasan ng paggamit ng wika.

### **Evaluation of Students' competencies and Skills through Classroom Learning Activities**

Maria Theresa O. del Rosario, Reynaldo T. Concepcion at Anna Marie B. Gregorio  
Far Eastern University

Five competencies and skills which are common to the three Psychology subjects offered in the summer of 2009 were identified in the present study namely (1) Critical thinking, (2) interpersonal relations, (3) Technology Savvy, (4) Problem Solving skills, (5) Communication skills. Although in the evaluation made by the 67 the participants reflect that all the mentioned competencies were acquired upon performing the respective classroom learning activities, the researchers deemed it necessary to revisit all syllabi in psychology and to establish the distinct attributes of an FEU psychology graduate.

### **Measuring Employees' Attitude towards their Organization Using the Likert Scale (Pagsukat ng Atityud ng mga Empleyado sa Kanilang Organisasyon Gamit ang Likert Scale)**

Marshaley J. Baquiano at Analyn Grace D. Torrijos  
Davao Oriental State College of Science and Technology, Ateneo de Manila University

Binuo ang isang atityud scale na sumusukat sa atityud ng mga empleyado sa kanilang organisasyon gamit ang *Likert Scale*, isang pamaraan ng pag-alam sa antas ng pagsang-ayon at di-pagsang-ayon sa isang pahayag. Ang mga aytem na napili ay batay sa nakuhang resulta gamit ang *t-test at exploratory factor analysis*. Ang nabuong scale ay mayroong labinlimang (15) mga aytem na nahati sa tatlong (3) subscales. Ang tatlong subscales ay ang *komitment, kompensasyon at pagpapasyang manatili sa organisasyon*. Ang atityud ng isang empleyado ay masusukat sa pamamagitan ng pagsasama ng kanyang iskor. Ang mataas na marka ay nangangahulugan na mayroong positibong atityud ang empleyado sa kanyang organisasyon. Sa pamamagitan ng apatnapung (40) sample, ang scale ay napa-validate gamit ang *known groups method, testing between groups* na mayroong positibo at negatibong atityud sa kanilang organisasyon, at *factor analysis*. Ang nabuong atityud scale ay nalamang *reliable at valid* na may *Cronbach's Alpha = .93* at  $t=7.0, p<.05$ .

### **PANLIPUNANG IDENTIDAD**

Room CSS204

November 25, 1:30-2:30 n.h.

### **The Psychological Profile of Incarcerated Women under the Far Eastern University (FEU) – Project Hope: A Multiple Case Study**

Luzelle Anne G.-L. Ormita at Hector M. Perez  
Far Eastern University

This multiple case study involved six incarcerated women of Manila City Jail who are part of Far Eastern University (FEU) Project Hope Program. Utilizing five standardized psychological tests: two psychometric measures and three projective techniques, case history interviews and behavioral observations, the researchers established the psychological profile of the incarcerated women. The incarcerated women under the F.E.U. - Project Hope come from poor and dysfunctional families, experienced trauma in the past, are not well-educated, have below average intelligence and have family/marital problems during the time they committed the crime. Results indicated that the respondents were found to have symptoms of paranoia and schizophrenia, which may be precipitated or reinforced by their incarceration. Because of the respondents tendency to feel insecure and perceive themselves negatively, they utilized negative coping

mechanisms such as avoidance, passivity, regression, or they would react emotionally in response to stress albeit having positive goals in life.

### **The Schema of Juan Tamad among Filipino Workers**

Ma. Dolores Patag, Oliver B. Sta. Ana  
Pamantasan ng Lungsod ng Maynila

Pagdating sa trabaho, ang pagpapahalaga ng mangagawang Filipino ay masasabing halaw sa iba't ibang mga salik na ayon sa kultura ng kanilang organisasyon (Ortigas, 1997). Kung susuriin ang konteksto ng pagkilos sa isang organisasyon, sinasabi nina Kreitner at Kinicki (2005) na ang kultura ay nangangahulugang balangkas ng mga paniniwala at pagpapahalaga na maaaring kaaya-aya at hindi kaaya-aya sa komunidad ng mga tao, ito rin ay pormal at di pormal na mga kaugalian na tumutugon sa pagpapahalaga ng isang indibidwal. Sa isang tipikal na oryentasyon ng mga Pinoy, ang mga mangagawa ay nahahati sa daykotomi ng work habits. Tinuturing ang tipikal na mangagawa bilang masipag o tamad. Ito ang nag-udyok sa amin upang pag-aralan ang konseptualisasyon ng pagiging tamad. Ang papel na ito ay naglalaman ng qualitative at quantitative na representasyon kung paano nakakaapekto sa kapwa manggagawa ang pagiging tamad ng isang kasamahan. Siniyasat din ng papel na ito kung may pagkakaiba ang mga mangagawa sa kanilang mga pananaw tungkol sa katamaran. Gumamit ng questionnaire ang mga mananaliksik  $N=108$ , (46 males and 62 females). Nanggaling sa iba't ibang mga ahensiya, posisyon at status ang mga kalahok sa aming pag-aaral. Lumalabas na ang katamaran ay inilalarawan na parehong kontekstwal at katangian. Ipinakita rin na ang pinanggagalingan ng katamaran ng isang indibidwal ay halaw sa kaganapang panlabas sa halip na panloob. Higit pa rito, limampu't dalawang porsiyento ng mga kalahok ang nagsasabing naaapektohan sila sa pakikisalamuha sa katrabahong tamad at dahil sila ay nagmamalasakit nais nilang magbago ang kanilang kasamahan.

### **Ang "Pacquiao Effect": Isang panimulang pag-aaral tungkol sa pagsukat ng epekto ng tagumpay sa boksing sa pagkilala sa sarili bilang Pilipino gamit ang BIAT**

AJ Galang  
De La Salle University

Madalas na nababanggit sa mga pahayagan na ang mga laban ni Manny Pacquiao ay bumubuklod sa bayang Pilipinas sa paraang di-matutumbasan ng ibang pangyayari, maliban lamang ang sakuna. Bukod sa epekto nito sa mas malawak na lipunan, mayroon din kaya itong epekto sa mismong sikolohiya ng mga Pilipino? Sinukat ang antas ng pag-kilala sa sarili bilang Pilipino ng 19 na di-gradwadong mag-aaral sa De La Salle University sa loob ng tatlong Lunes: ang Lunes isang linggo bago ang laban ni Pacquiao nuong Marso 15, ang Lunes pagkatapos ng laban, at ang Lunes isang linggo pagkatapos ng laban. Gumamit ang pag-aaral ng di-lantad na pamamaraan para makuha ng antas ng pag-kilala sa sarili (Brief Implicit Association Test, BIAT, Sriram at Greenwald 2009). Natagpuang may pag-taas sa antas ng pagkilala sa sarili bilang Pilipino pagkatapos ng pagkapanalo ni Pacquiao. Maaaring intidhin ito sa pamamagitan ng konsepto ng pakikipagkapwa.

### **Rilayabilidad ng Tatlong Paktor ng Panukat ng Social Identity Bilang mga Pilipino**

Diwa Malaya A. Quiñones  
Unibersidad ng Pilipinas

Rekisito sa disiplina ng sikolohiya ay ang paniniguro na ang mga ginagamit na instrumento ay balido at may sapat na sukat ng rilayabilidad sa kuntekstong pag-gagamitan nito. Ito rin ang layunin ng ipinipresentang pananaliksik sa konstrak at panukat ng social identity na pinasimunan nila Tajfel at Turner (Tajfel, 1978; Tajfel at Turner, 1979) . Ayon kay Cameron (2004), may tatlong dimensyon ang konstrak ng social identity: sentralidad sa isip (centrality); emosyong umuusbong mula sa kinabibilangang grupo (ingroup affect); at pagkilala sa sarili bilang miyembro ng grupo (ingroup ties). Gamit ang item pool (18 lahat) mula sa modelo ni Cameron ng nabanggit na tatlong dimensyon ng social identity, sinagutan ng 110 estudyante ng Psychology 101 sa UP Diliman ang Likert-type na 7-point agreement-disagreement scales. Mula dito, sinukat ang rilayabilidad ng instrumento sa kunteksto ng social identity bilang mga Pilipino. Lumabas sa item-total correlations na lahat sa labingwalong (18) aytem ay may katanggap-tanggap na mga correlation. Binigyang ebidensya din ng mga Cronbach alpha reliability coefficient para sa bawat isa sa tatlong dimensyon ng social identity bilang mga Pilipino ang internal consistency ng mga ito.

Pinakikita ng mga estatistika patungkol sa instrumento na balido at may sapat na rilayabilidad ito bilang panukat ng tatlong dimensyong modelo ng social identity ng pagiging Pilipino.

## **PAGKATAONG PILIPINO**

Room CSS AVR

November 25, 1:30-2:30 n.h.

### **Bangsamoro: Pagkakaintindi ng mga Ordinaryong Tao**

Liberty L. Catbagan

University of Baguio

May mga taong nagsusulong ng Bangsamoro sa Mindanao subalit meron din namang hindi sumasang-ayon dito. Upang maunawaan ang hidwaang ito, minabuti ng tagapagsaliksik na alamin ang pagkakaintindi ng mga ordinaryong tao sa salitang Bangsamoro. Bagama't marami na ang pag-aaral tungkol dito, wala pang tumingin sa pangkaraniwang kaalaman ng Bangsamoro na hango sa pag-uusap at pakikipag-ugnayan ng mga Mindanaoan. Sinasabing ang naibabahagi, napagkakasunduan at karaniwang kaalaman tungkol sa isang bagay ay mas napagbabasehan ng galaw o gawain ng tao.

Upang makalap ang karaniwang pagkakaintindi, nangailan ng Muslim, Lumad, at Kristiyanong lokal ng tagapagsaliksik para sa bawat pangkat ethniko sa Pikit Cotabato. Ang bawat isa ay naatasang magpunta sa komunidad na kilalang tirahan ng pangkat ethniko upang makisalamuha, magbuo ng maliit na grupo at magsagawa ng ginabayang talakayan na may kasamang pag-guhit ng napag-usapang kaalaman tungkol sa Bangsamoro. Pagkatapos ng kainan, kasama ang kanilang kapit-bahay at gamit ang sariling wika sa talakayan - ang tatlong pangkat ethniko ay nakapag-guhit ng kanilang kaalaman sa Bangsamoro. Ang mga guhit ng Muslim at Kristiyano ay lubhang kakaiba sa isa't-isa. Ang magkaibang pagkakaintindi sa Bangsamoro ay naiguhit din ng mga Lumad kasama ang pangamba ng kanilang pangkat na hindi masyadong napagbibigyan ng pansin sa mag usaping politikal. Sa pangkalahatan, lumalabas na dalawa ang karaniwang kaalaman tungkol sa Bangsamoro. Naiintindihan na ang Bangsamoro ay paraan upang mapangalagaan ang kultura at komunidad ng katutubong pangkat ethniko. Kasabay nito ang karaniwang kaalaman na kaakibat ng Bangsamoro ay dahas at pagkawala ng mga ari-arian.

### **Ang Pilipinong Identidad ng Kamalayan: Isang Pilosopikal na Pagsusuri**

Napoleon M. Mabaquiao, Jr.

Departamento ng Pilosopiya, Pamantasang De La Salle-Maynila

Kailan nagkakaroon ng Pilipinong identidad ang isang kamalayan? Susuriin sa papel na ito kung ano o anu-ano ang mga tanda o kondisyon para masabing Pilipino ang identidad ng isang kamalayan. Gagawing gabay sa gagawing pagsusuri ang intensyonalidad ng kamalayan o ang pagka-direkta ng kamalayan sa mga bagay-bagay sa mundo (ang paniniwala, halimbawa, ay palaging nakadirekta sa isang bagay—walang paniniwala kung walang bagay na pinaniniwalaan). Hango dito, isasaalang-alang ang mga sumusunod: ang uri ng bagay kung saan nakadirekta ang kamalayan, ang mga kategoryang gamit ng kamalayan sa pagka-direkta nito sa isang bagay, ang kakulangang pinupunan ng kamalayan sa pagka-direkta nito sa isang bagay, at ang panahon at lugar kung saan nagaganap ang pagka-direkta ng kamalayan sa isang bagay. Ang ilan sa mga ipapakitang kahihinatnan ng pagsusuring ito ay ang Pilipinong identidad ng isang kamalayan ay hindi tumutukoy sa isang esensyal na katangian ng kamalayan at ang identidad na ito ay samakatuwid may iba't ibang lebel.

### **Pagkamakabayan: Pagsusuri ng Konsepto at Pagbuo ng Iskala**

Annalyn de los Santos

Pathways to Higher Education - Ateneo de Manila University

Sinuri ang konsepto ng pagkamakabayan sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga kaugnay na konsepto tulad ng patriyotismo, nasyonalismo, at pambansang identidad. Isinaalang-alang ang katutubong konsepto ng pamantayan, gayundin ang dalumat ng bayan. Nagsagawa ng leksikal na pagsusuri (pinagsamang KJ Method at Q-Sort Technique) sa mga pagpapakahulugan ng pagkamakabayan mula sa mga kaugnay na pag-aaral at resulta ng sarbey sa 120 kabataang mag-aaral sa hayskul. Nagkaroon din ng panayam sa labintatlong dalubhasa mula sa iba't ibang disiplina at grupong pulitikal na ginamitan ng NVivo program sa pagsusuri. Nakabuo ng panimulang palatanungan na may isandaang aytems at pinasagutan sa 111

kalahok. Matapos dumaan sa item analysis at factor analysis, nabuo ang binagong palatanungan na may pitumpu't isang aytems at pinasagutan sa 171 kalahok. Muling dumaan sa mga estadistikal na pagsusuri ang binagong palatanungan at nabuo ang bagong iskala ng pagkamakabayan na may 52 aytems. Mula sa pinagsamang kwantitatibo at kwalitatibong mga pagsusuri, natuklasan na hindi katumbas ng kanluraning konseptong "nasyonalismo" ang pagkamakabayan nating mga Pilipino. Higit sa kaugnayan ng indibidwal sa nasyon o estado, ang pagkamakabayan ay kaugnayan ng mga Pilipino sa mga kababayan at may elemento ito ng diwa na wala sa ibang values. Natuklasan din na may anim na salik ang pagkamakabayan: ang pagiging positibo, aktibo, mabuting mamamayan, pagiging makabansa, makaPilipino at maka-kapwa. Maaari itong panimulang iskalang susukat sa mga epekto ng mga programang nakatuon sa paghubog ng mga kabataan upang maging mabubuting mamamayang Pilipinong tumutulong sa bayan.

### **Illuminating the Interdisciplinary Potentiality in Lucin's Integral Organization Development and Sikolohiyang Pilipino (Paglilina sa Bumubukal na Kamalayan sa Lucin na Nagpapahalaga sa Nagtatalabang Ugnayan ng Sikolohiyang Pilipino at ng Mapagbigay-buhay na Pagpapaunlad ng Organisasyon)**

Lucia Pavia Ticzon  
LUCIN Foundation

Naglalayon ang tagapaglahad na maibahagi ang bumubukal niyang kamalayan sa pag-uugat ng itinataguyod ng luCin Foundation na Mapagbigay-buhay na Pagpapaunlad ng Organisasyon (Integral Organization Development) at ng Sikolohiyang Pilipino na pinatatatag ng Pambansang Samahan nito. May isang dekada nang isinasabuhay ng samahang luCin ang disiplinang tinutukoy na sa madaling salita, tinatawag ding pi\_OD ( $\pi$  OD).

Tinatanglawan ng paglalahad ang tuluyang pagpapalago at umpisang pagpapalaganap ng disiplinang  $\pi$  OD at inilalarawan ang mga palatandaan nito sa mga sumusunod:

- pagpapahalaga sa pag-aayos ng kabuuang sarili;
- masusing pagkilala at mahinahan na pagsusuri sa mga konstruksyong panlipunan na pinagmumulan ng samu't saring tinig ng pagkasarili sa iba't ibang antas ng pagsasarinlan, pakikipagkapwa, at pakikitungo; at
- malinaw na pagsasalansan sa karanasan at maalwang pagpili ng magiliw, malikhain, nakakatibay, at mapagkalingang pagbabago sa pamamagitan ng pagtukoy sa tatlong kakanyahan ng mga buhay na sistema (living systems): (a) tuloy-tuloy na sariling pag-aayos (pattern, i.e. self organizing, autopoiesis); (b) iba't-ibang kaanyuan (structure) nang pagsasalooob sa kaalaman o kabatiran at nang pag-aalis o pagpapa-ayos palabas sa mga bagay na hindi nakakabuhay; at (c) ang sabayan at buong malay (process, i.e. cognition) na pagsasabuhay ng pag-aayos at pag-aanyo.

Ang paglalahad ay panimulang pag-aaninag sa talaban ng tatlong batayang konsepto ng Sikolohiyang Pilipino at tatlong suleras ng luCin  $\pi$  OD:

1) ang kapwa sa Sikolohiyang Pilipino at ang malugod na pakikipag-usap sa bukas at malayang pagbibilog (appreciative dialogues in open circles a.k.a. adoc) ng luCin;

2) labas, loob, at lalim sa SP at ang balangkas ng luCin hinggil sa mga Buhay na Sistema (Living Systems framework) at Pagsasabuhay Ngayon pa man ng Pananaw sa Kinabukasan (Living Our Vision of the Future Now);

3) ang pan-tayong pananaw ng SP at ang disertasyon na pag-aaral ng tagapagtaguyod ng luCin sa Mga Inisyatiba ng mga Feministang Aktibista sa Mapagbigay-buhay na Pagbubuo ng Sarili at Pagaanyo ng Pamilya na Hahantong sa Positibong Pagbabago ng Lipunan: Paglalakbay na Nagsimula sa Pagsusuri at Dumulo sa Malikhaing Pagbubuo, Nag-umpisa sa Pagsasalungat at Umabot sa Marangal na Pakikipagtalastasan at Mapagbigay-buhay na Ugnayan (Feminist Activist Initiatives in Self and Families Transformation that Leads to Social Transformation: A Journey from Critique to Creation, from Conflict to Communication).

Mahinahan at tuluy-tuloy ang paglilina, pagpapalawak, at pagtatatag ng luCin sa disiplinang  $\pi$  OD na nagsasaka-tuparan sa paniniwala at nadadamang kakanyahan ng bawat Pilipino at Pilipino na ibukas ang kanilang sarili sa pag-aaral kung saan nila buong malay at lambing na kikilalanin at lilikhain ang kanilang sarili batay sa matamis at mapagbigay-buhay nilang karanasan ng pagkabuo. Ambag ito ng tagapaglahad

sa ikatatatag ng kanyang mga kababayan at ikikilos paahon ng kanyang bayan mula sa masikip at mahirap na dinadaan tungo sa ninanais, maluwang, at maningning na kinabukasang maaaring isabuhay ngayon pa man.

## **SYMPOSION TUNGKOL SA MODELO NG PAGDADALA**

Room CSS201

November 25, 2:30-3:30 n.h.

### **Pagdadala**

Edwin Decenteceo

University of the Philippines Diliman

Sa pakikisalamuha sa mga naging biktima ng pang-aabuso sa karapatang pantao sa iba't-ibang lugar sa Pilipinas lumabas ang Pagdadala. Karamihan sa mga biktima ay mahirap, nakatira at nagtatrabaho sa bukid, hindi nakatapos ng pag-aaral at nakakaunawa ng kaunting Ingles lang. Kapansin-pansin na ang kanilang mga kwento ay tungkol sa kani-kaniyang dalahin sa buhay. May tungkol sa pamilya, sa trabaho, sa anumang tungkulin na iniatang sa kanila, sa mga karanasang hindi maganda. May mga pagkakataon na magaan ang mga dalahing ito, may mga pagkakataon na mabigat. Ang lahat ng ito ay kakayaning dalhin patungo sa mga mithiin o anumang layunin sa abot ng makakaya. Bawat isa ay may kanya-kanyang paraan ng pagdadala – may mga taong magaan magdala, mayroon ding iba na sumusuko sa nararamdamang bigat ng dalahin. Ang daan patungo sa mithiin o layon ay maaaring patag o baku-bako. At sa paglalakbay patungo sa mga ninanais marating, maaaring may mga makakasalubong na maaaring makakatulong sa pagdadala o higit na makakapagpahirap. Sa bawat pagsubok, sa mga pagkakataon mabigat ang dalahin, ang isang mahihingahan ay isang malaking tulong.

Ito ang kwento ng Pagdadala. Sa pamamagitan nito, malalaman ang mga mithiin at ang mga pinahahalagahan ng isang tao o ng isang komunidad. Dito makikita at maririnig ang pamumuhay at pagtingin sa buhay ng nagsasalasay. At kung ang kwento ng isang counselor o therapist ay kwento rin ng Pagdadala, baka higit na maunawaan ang kwento ng iba pang Pagdadala at mas matulungan sila – dahil lahat tayo ay may dinadala.

### **Pagpapatawad**

Leah Venessa Valbuena

De La Salle University

Ang pagsasaliksik na ito ay nilayon na makahalaw o makasipi ng pagpapakahulugan ng Pagpapatawad mula sa mga piling kalahok. Nilayon din ng pag-aaral na ito na mailahad ang: 1) mga aspeto ng Pagpapatawad; 2) mga salik sa pag-usad ng Pagpapatawad; 3) mga pamamaraan at kadalubhasaan na kapalob; at 4) mga kagunay na konsepto ng Pagpapatawad. Ang konsepto ng Pagpapatawad, para sa pag-aaral na ito, ay inanalisa gamit ang Modelo ng Pagdadala ni Decenteceo, kung saan ang pagpapatuloy ng mga relasyon at pagdadala ng mga karanasan ay pinadadali ng Pagpapatawad.

Ang pag-aaral ay kuwalitatibo; ang pagpili ng mga kalahok ay purposive. Dalawampung kalahok ang pinili, sampung lalake at sampung babae. Ang lahat ay dumaan sa malalimang panayam na may bahagyang kaayusan.

May dalawang pangunahing pamamaraan o proseso ang Pagpapatawad – Pagririyalays at Pagbitaw na maaring gamitin sa relasyon at/o karanasan. Sa ilalim ng Pagririyalays ay ang mga proseso ng pagjajastifay, pag-iintindi, at pagpapakahulugan. Bahagi naman ng Pagbitaw ang mga proseso ng pagpapalipas at pagkalimot. Ang paggamit ng mga prosesong ito ay nagdudulot ng mas magaan na relasyon o karanasan na pinahihintulutan ang patuloy na pagdadala ng mga ito. Sa ibang pagkakataon, ang isa o pareho ay maaaring bitawan.

Ang pag-aanalisa ng Pagpapatawad gamit ang Modelo ng Pagdadala ay nagdulot ng ibang pakahulugan sa konsepto kumpara sa Forgiveness.

### **Pagdadala at ang pagunawa ng nagjajapan**

Anna Muriel Mangaran

University of the Philippines Diliman

Si Dee ay isang Japayuki. Gabi-gabi, pinapaganda at pinapasigla niya ang sarili para sa mga darating na

kliyente ng club na pinapasukan. Marami siyang alam na gawain para maaliw ang mga dumarating na kostumer. Nakikipag-sayaw siya, nakikipag-kantahan siya, nakikipag-baraha, nakikipagkwentuhan sa kanila; sumasabay siya sa kung anuman ang ibig gawin ng customer niya. Ang layon niya, bukod sa marami ang pumili sa kanya, mapagtagal niya ang mga ito sa club. Kung papayag siya, posible na mahawakan at mayakap siya ng mga ito. Kung gugustuhin niya, maaari siyang makipag-dohan o makipag-date sa mga ito labas sa oras niya sa club. Sa mga ganitong pagkakataon, nasa sa kanya kung papayag siyang makipag-sex sa kanila. Kung nasa Pilipinas si Dee, tumatanggap siya ng sustento galing sa dalawang Hapon. Isa sa mga ito ang nagbigay ng puhunan sa kanya para makapagpatayo ng paupahang tindahan at tumulong makapagpagawa ng bahay at makabili ng sasakyan. Buwan-buwan, tumatanggap siya ng sustento sa dalawang Hapon.

Si Andy ay ang kinakasama ni Dee sa Pilipinas. Magkasama nilang dinesisyonan ang ika-apat na balik ni Dee sa Japan. Alam niya ang trabaho ni Dee at alam niya ang mga posibleng relasyon na maaaring pasukin o mapasok ni Dee sa trabahong ito. Kung mababakasyon ang Hapon sa Pilipinas at sasamahan ito ni Dee sa mga pamamasyal, naghihiwalay sila pansamantala. Sa pagbabalik ng Hapon sa Japan o sa pagbabakasyon ni Dee mag-isa sa Pilipinas, sila na muli ang magkasama. Kasama sa mga dinadala nina Dee at Andy ay ang relasyon nilang dalawa. Isa itong masalimuot na pagsasama sa paningin ng mga taong nakakakilala sa kanila at sa pandinig ng makakarinig ng kwento nila. Pero para sa kanila, napapanatili nila ang kanilang pagsasama na may iba pang kahati at iba pang pinagtutuunan ng pansin ang isa sa kanila. Hindi nag-isa sina Dee at Andy sa ganitong sitwasyon. Sa pamamagitan ng Pagdadala, maaaring tignan ang mga nasasalob ng mga taong nasa ganitong pagsasama at kung paano nila napapanatili ang kanilang relasyon.

### **Pintakasi: Pagdadala ng komunidad ng kanyang sariling lakas**

Rhodium Noguera

University of the Philippines Los Banos

Ang pag-aaral na ito ay may kinalaman sa pag-unawa sa isang proseso ng komunidad sa Kalamansig, Sultan Kudarat. Ang pintakasi ay pagtutulungan ng mga tao upang tumugon sa pangangailangan ng komunidad na pakikinabangan ng lahat na walang personal na interes. Halimbawa ng tradisyonal na gawain ng komunidad na ginagamitan ng pintakasi ay pagsasaka, paggawa ng daan, silid-aralan, tulay, simbahan, at moske. Mahigit isang siglo na ang gamit ng pintakasi. Dahil sa kasanayan at nakagawian hindi na nagpapalano ang mga tao sa pintakasi.

Bahagi ng pag-aaral na ito, maliban sa pag-unawa sa kakanyahan ng pintakasi at kaugnayan nito sa buhay at kamalayan ng mga tao, ay magamit ang pintakasi upang makatugon sa iba pang pangangailan ng komunidad maliban sa tradisyonal na gamit. Kasama rin sa pagsubok sa paggamit ng pintakasi sa hindi tradisyonal na gawain ay maidagdag ang proseso ng pagpapalano gamit ang pintakasi at pagsusuri sa mga gawain na ginamitandin ng pintakasi. Sa makatuwid, ang tanong ay ano ang kahihinatnan ng proseso kapag idinagdag ang pagpapalano at pagsusuri sa pintakasi sa pagtugon sa isang hindi tradisyonal na gawain?

Sa loob ng pag-aral, ang proseso ay tumugon sa mahigpit pangangailan ng mga tao, ang usaping pangkapayapaan. Ang mga komunidad ng mga magsasaka at mangingisda ng Kalamansig ay dumaranas ng suliranin sa kahirapan at gayundin sa paglusob ng mga MILF (rebelde ng Muslim). Samakatuwid ang pag-aaral na gamit ang pagsubok sa pintakasi ay tumugon sa pangkapayapaang suliranin ng mga tao.

Layunin din ng pag-aaral na makita ang gampanin ng isang Sikohista sa loob ng komunidad na nakikibaka sa isang mahirap hamon buhay.

Ang pagtuklas na ito sa pag-unawa at paggamit ng pintakasi ay nagbunga sa mga sumusunod:

- Namulat ang mga naging bahagi ng pag-aaral na ito (33 na komunidad) na mayroon silang pintakasi.
- Naging positibo ang paggamit ng pintakasi na may pagpapalano at pagsusuri upang tumugon sa hindi tradisyonal na gamit (TPO reorganization, TPO conflict management, TPO community consultation for peace, community disaster planning in Sangay, Sangay community prayer meeting for peace, and evacuation center activities).
- Nagbukas din ito ng isang bagong pananaw sa maaaring gampanan ng isang Sikohista sa isang komunidad gamit ang proseso ng mga tao—ang pintakasi.

### **Kalakbay sa Pagdadala ng mga Naulila ng Guinsaugon Landslide**

Lyra Verzosa

Mahigit isang libong katao ang nalibing nang buhay matapos ang pagguho ng lupa sa Bayan ng Saint Bernard, Southern Leyte nuong 2006 na nag-iwan ng 271 na mga ulilang kabataan. Kagyat na tumugon ang ilang sikolohista kasama ang mga counselor ng simbahan at mga NGO para sa mga pangangailangang psychosocial sa pamamagitan ng critical incident stress debriefing (CISD) at spiritual counseling ngunit bihira ang bumalik ng ikalawang ulit o higit pa para subaybayan ang kalagayan ng mga nauulila o nag-iwan kaya ng referral system na malalapitan ng mga lokal na social worker. Ilan sa mga kabataan ay naobserbahang naging palainom ng alak at mapagpaliban sa paaralan kung hindi man tuluyan nang nag-drop out . Natukoy rin na may iilan na nagtangkang saktan ang sarili at inakalang sinapiyan dulot ng pagdadalamhati sa nawalang mga magulang. Sa pagkilala na ang likas-kayang (sustainable) pagtulong sa mga nauulila ay magagawa lamang sa pamamagitan ng pagsasanay ng mga taga-komunidad, ginamit sa pagsasanay ng mga barangay health worker, social worker, guro, taong-simbahan at kawani ng LGU ang modelo ng Pagdadala upang higit nilang magabayan ang mga kabataan bagaman wala silang pormal na pagsasanay sa konsepto ng troma, saykoterapi at sanggunian. Sa pamamagitan ng dalumat ng Pagdadala, tinukoy ang mga dalahin (bigat ng kalooban), katangian ng mga nagdadala (nauulila) at kalakbay (tagapag-alaga) gayundin kung paanong napagaan ang mga dalahin sa pakikipaglakbay ng mananaliksik sa komunidad sa pagitan ng taong 2006 at 2008.

### **MGA SIKOLINGUISTIKONG PAG-AARAL**

Room CSS203

November 25, 2:30-3:30 n.h.

#### **Talasalitaang Traysikel ng Cabanatuan: Kakaiba, Eka Nga!**

Marietta Agustin Teaño, Esperanza Tobias Reyes at Clarafe Aguilar Gonzales

Wesleyan University-Philippines

Kilala ang Lungsod ng Cabanatuan bilang “Tricycle Capital of the Philippines”. Ang taguring ito marahil ay sa kadahilanang may kabuuang higit sa 38,202 ang rehistradong traysikel sa datos sa pamahalaang panlungsod noong Setyembre 2009.

Sa pag-aaral na ito, tinipon ng mga mananaliksik ang mga pang-araw-araw na mga salitang naglalarawan sa ugnayang namamagitan sa pasahero at sa drayber ng traysikel. Sa pamamagitan ng pagmamasiid, patanong-tanong, at pakikipagkwentuhan sa gabay ng isang palatanungan (questionnaire) na open-ended, binuo ang isang talaan ng talasalitaang patungkol sa buhay kaugnay ng traysikel sa Cabanatuan. Maaaring ginagamit na rin sa ilang lugar sa Pilipinas ang mga salitang pila, rekta, arkila, buraot, serbis at iba pang salita na kaugnay ng buhay-traysikel. Sa pananaliksik na ito, bibigyang halimbawa sa pamamagitan ng ilang kwentong pasahero at drayber ng mga Cabanatuëño ang magkatugma o dimagkatugmang pag-iisip, pagsasalita at pagkilos ng drayber at ng pasahero sang-ayon sa batas na sumasaklaw sa kanilang kasunduan ng paglilingkuran na maaaring humahantong sa mapayapa o dimapayapang karanasan.

#### **Ang Pananaw sa Buhay Batay sa Sariling Wika**

Amelia Alfonso Tynan

Retired Vice President of Information Technology and Chief Information Officer, Tufts University

Ang layunin ng papel ay muling maipakita na ang pananaw sa buhay ay maaaring isalalay sa pagsusuri ng katutubong wika. Ito ay epilog sa papel nina Enriquez at Alfonso (1980) na naging bahagi ng kasaysayan at umpisa ng kilusan sa sikolinggwistikang Pilipino. Ang lumang papel ay nakatuon sa relasyon ng wika sa pananaw sa buhay o weltanschauung. Ang pangkalahatang ideya ay ang paggamit sa sariling wika ay pundamental sapagkat ang wika ay hindi lamang nakaugat sa katutubong kultura at kamalayan kundi ang wika ay ang pinaka-batayan ng komunikasyon sa buhay at kabuhayan. Ang mga aplikasyon ng wika sa komunikasyon ay malawak at mahalagang maunawaan sa pag-aaral ng sikolohiyang katutubo.

Ang hinaharap at lakas ng sikolinggwistika at sikolinggwistikang Pilipino ay umaasa sa tuloy-tuloy na pag-aaral at pananaliksik. Ipinapalagay ng papel na ito na kinakailangang sundan at dagdagan ng



seryosong pananaliksik para higit na maunawaan ang epekto at implikasyon ng libo-libong wika sa mundo. Susuriin ang literatura sa linggwistika at sikolohiya upang maunawaan ang larangan at maintindihan ang pagunlad ng literatura at sikolinggwistika. Pag-aaralan kung bakit ang konsepto ng "linguistic relativity" ay tinanggihan at matalag nang pinabayaan ng maraming linggwista. Titingnan ang kalipunan ng bagong literatura at susuriin ang ilang pag-aaral na may kaugnayan sa pananaw sa buhay, kamalayan at pagkatao. Batay sa ilang mga halimbawang nasuri, magmumungkahi ng mga palagay at praktikal na rekomendasyon sa sikolinggwistikang Pilipino.

### **Tsismis: A Form of Communication among Filipinos**

Vida Aurora B. Llevares  
University of Cebu

Much has been written about the prevalence of rumors and gossips. Much has been written about the prevalence of rumors and gossips. In the context of the Filipino culture, the concept of tsismis is considered to be the closest equivalent to rumors and gossips. This paper aims to answer the following questions:

1. What other local terms or concepts are closely associated with tsismis?
2. What are the most common topics of tsismis?
3. What are the most common sources of tsismis?
4. When does an information become tsismis?
5. With whom do we usually share tsismis?
6. What skills or attitudes does a tsismoso/tsismosa possess?
7. Is being a tsismoso/tsismosa a positive value?
8. Are gender differences also evident in this social phenomenon?

The study included 48 research participants between 18 to 46 years old. Sixty percent (60%) of the research participants are females with the remaining 40% are males. Convenience sampling was used in identifying the 48 research participants. Methods used in gathering data were pagtatanung-tanong, surveys and conversation analysis.

The study highlighted the following findings:

1. Tsismis is seen as the Filipino equivalent to rumors and gossips. There is still a lack of a clear distinction on whether tsismis resembles rumors or gossips.
2. The major topics of tsismis are celebrities, politicians and other prominent personalities; failures and achievements of others; and, intimate relationships, unwanted pregnancies, and early marriages.
3. Most Filipinos feel comfortable sharing tsismis with their family and with their peer group.
4. Family and the peer group are also strong sources of tsismis. In addition, Filipinos also get tsismis through media and internet.
5. Filipinos describe tsismis as opinionated, malicious, and unconfirmed. However, some tsismis may indeed be true.
6. Although the stereotype on women in their more active participation in tsismis is not explicitly stated, subtle cues have also been noted such as the tendency to name a woman in identifying a person who is tsismoso or tsismosa.
7. The prevalence of tsismis among Filipinos can be a manifestation of pangiangalam (intrusion), centripetal morality, sociostat and conformity.
8. Tsismis is an unpleasant and a negative norm because it goes against the Filipino core value of kapwa, that signifies a strong and positive attachment with others.

### **A Portraiture of the Filipino Archetypes in Pugad Baboy**

Liezl Rillera-Astudillo  
De La Salle University

This paper formulates an interpretive description of the modern Filipino archetypes rooted in Jung's understanding of narrativity. As an attempt to unveil that which is peculiarly Filipino, the paper centers on Pol Medina's Pugad Baboy, a satiric comic strip portraying the story of a community, which comprises a mixture of intriguing characters on the heavy side. The different caricatures are assumed to embody the Filipino identity as it evolved through time amid continuous changes and development that transpired in Philippine society. Using the method of portraiture, which embraces the idea of inductive analysis and Jung's understanding of symbols, the author aims at reconstructing the reality of persons within the person by identifying the archetypes implicit in the Pugad Baboy comic strips.

Consistent with Jung's contentions, the author believes that modern symbols and myths are instrumental in gaining new ways to understand collective and individual experiences. It is for this reason that this particular comic strip, a product of modern art, is chosen as it reveals a lot about Filipinos of today and portrays a cornucopia of qualities that make Filipinos distinct from others. The dichotomy between society and individuality and the social expressions of the archetypes are further discussed by discerning the function and implication of symbols in the Philippine context.

## **APLIKASYON NG SP**

Room CSS 204

November 25, 2:30-3:30 n.h.

### **Ang mga Gawain ng Isang Nagtapos ng Sikolohiya sa Tundo**

Edlyn O. Burgonio

Educational Research and Development Assistance (ERDA) Foundation, Inc.

Ang manunulat ay tinalagang "psychologist" para sa proyekto ng ERDA Foundation para sa mga lalaking kabataang nagkaroon ng problema sa batas. May Youth Home ang ERDA para sa kanila sa Tundo.

Ang ERDA ay isang nongovernment na organisasyon na nagsisikap na bigyan ng pagkakataong makapag-aral ang mga batang nasa mahirap na pamumuhay, mapanganib na hanapbuhay at mga nakatira sa lansangan. Tatumpu't limang taon na ang ERDA na may mga ganitong proyekto sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas.

Sa dalawang taon ng manunulat sa nasabing proyekto, nakita niya at naranasang ang mga kailangang gawin ng isang nagtapos ng Sikolohiya ay mga gawaing maaaring hindi inaasahan ng ibang tao sa kanya. Bukod sa mga pakikipag-usap sa mga kabataan at kanilang pamilya tungkol sa mga isyung pansarili o pampamilya at pag-aasikaso sa mga pagsasanay para sa pag-unlad ng mga kabataan sa Youth Home, nasubukan din ng manunulat na mag-organisa ng mga bata para buuin ang Barangay Children's Association ng Brgy. 20 sa Tundo na sumasakop sa Isla Puting Bato at Parola.

(Ang mga halimbawa ng mga pagsasanay na binigay sa mga kabataan sa Youth Home at sa barangay ay pagkilala sa sarili bilang anak, kapatid, kaibigan, karapatang pambata kasama na ang mga karapatan ng mga kabataang nagkaroon ng problema sa batas, mga katangian ng isang mabuting lider, at iba pa.) Kaya't ang mga layunin ng sisimulang papel ay:

1. Isalarawan at ipaliwanag ang mga gawain ng isang nagtapos ng Sikolohiya na nasa isang ng (partikular na nasa Youth Home na nasa Tundo)

2. Ibahagi ang halaga ng kanyang mga gawain sa pag-unlad ng mga kabataan sa loob ng Youth Home at sa isang barangay sa Tundo

Buuuin ang papel sa pamamagitan ng pagmamasid, pagtatanong (paggamit ng evaluation form) at panayam sa mga kabataan at mga manggagawa sa barangay. Ang huli ay gagamitin upang magkaroon ng pagkakataong linawin ang mga kinsapitan ng mga unang metodo.

Inaasahang ang papel ay magiging isang karagdagang patunay na kapag ang isang nagtapos ng Sikolohiya ay nagdesisyong pasukan ang larangan ng social development work ay kailangang bukas siyang gawin ang mga gawaing maaaring hindi inaasahan sa kanya. Ngunit ang mga ito ay may hatid na pag-unlad hindi lang sa kanya kundi sa mga taong kasalamuha niya.

### **Pinoy Financial Management**

Anna Marie Gregorio at Ma. Theresa Oba-Del Rosario

Far Eastern University

The object of this study is to explain how Filipino personality influence Filipinos' way of handling finances. 250 respondents were initially surveyed and with this six major areas of Filipino spending priorities and spending allocations were identified: (1) Investments (2) Purchases and commodities (3) Travel and Leisure (4) Donations to charitable institutions (5) Sharing with family and friends (6) Education. The study probed why in spite of the intellectual capacity, values and skills of Filipinos, majority of Filipinos are still financially broke, barely making ends meet.

## **Emotional Decision-Making in the 2010 Filipino Presidential Elections: Converging Evidence from Voters' Expressed Reasons and Elicited Affect**

Rajiv Amarnani, Homer Yabut  
De La Salle University  
Raymond Charles Anicete  
DLSU-College of Saint Benilde

In the days leading up to the Filipino presidential elections held in May 2010, the researchers gathered data on voter decision-making and corresponding affect. Participants were asked to reveal their presidential candidate of choice and their reasons for selecting that candidate. Affect elicited in the process of expressing reasons for selecting a particular presidential candidate was measured using selected items from the PANAS-X (Watson, 1994). Emerging patterns in expressed reasons and elicited affect across each candidate of choice are discussed.

### **SP AT KALIKASAN**

CSS AVR

November 25, 2:30-3:30 n.h.

### **Sa Isip, Sa Puso, at Sa Gawa: The Impact of the BBNBP Conservation Project on Environmental Attitudes as Perceived by the Local Hosts**

Jerome Cortez, Desiree Llanos Dee, at Maria Francesca Torrente  
Ateneo de Manila University

Layon ng naturang pananaliksik na galugarin ang napansing epekto ng ecotourism at ang mga kaugaliang pangkalikasan ng mga lokal ng Biak-na-Bato National Park. Nilalayan nitong buklatin ang mga napag-alaman at napansing mga pagbabago sa mga kaugaliang pangkalikasan – positibo o negatibo; at kung papaano nakapag-ambag ang mga bahagi ng mga kaugalian (pandama, pag-iisip, asal) sa pagsusuri ng BBNBP Conservation Project. Isinagawa ang semi-structured na panayam at FGDs sa pamamagitan ng isang qualitative approach. Ginamitan ng snowball at purposive sampling ang pagtitipon ng mga kalahok. Sa pamamagitan ng interpretative thematic analysis, nailarawan ang mga aktibong nakikibahagi sa ecotourism bilang mga may makabuluhang pagbabago sa kaugalingang pangkalikasan. Samantalang mas kaunti ang napansing epekto ng mga walang pakikilahos sa ecotourism. Dumating sa konklusyon na matagumpay ang pamamagitan ng ecotourism sa lokal na komunidad sa pag-pukaw at pag-mulat as damdamin at kaugaliang pangkapaligiran at sa pagpapalaganap ng kamalayang pangkalikasan sa mga lokal na sektor ng BNB.

### **Ugnayang Ekolohiya at Sikolohiya**

Romulo S. Arsenio

Pamantasan ng Lungsod ng Maynila

Lumalakas na mga bagyo, lumalawak na pagbaha sanhi ng malakas na pag-ulan at patuloy na pagdami ng lindol ay mga epekto ng pabago-bagong klima at patinding pag-init ng panahon na gawa ng mga pagputol ng mga punong kahoy, pagsunog ng mga basura at pagsira ng mga kabundukan. Ang mga nasabing kalamidad ang siyang nagpatindi ng mga epekto ng krisis pangkalikasan at nagpapalawak ng kahirapan. Ayon sa mga eksperto ng "International Panel on Climate Change", ang suliraning pangkalikasan ay gawa ng tao. Ang balance, malinis at malusog na kalikasan ay nakakatulong upang magkaroon ng normal at balanseng psyche ang tao. Ang mapanatag na buhay, mapagmahal sa kapayapaan at kalikasan ay makikita sa mga katutubong Pilipino na namumuhay sa malusog na kapaligiran sa kabundukan. Ngunit ang mga katutubong pinalayas sa kanilang tirahan sa kabundukan dahil sa mga mapanirang teknolohiya sanhi ng kasakiman ay nagdudulot ng ligalig at nagturo sa mapaghimagsik na damdamin o emosyon at nagbibigay at pagkabagabag o pag-alala na maaaring maging "neurosis". Mahalagang maipakita ng kakayanan ng taong magkaroon ng matinong pag-iisip, balanseng emosyon at normal na psyche ay nakaugat sa uri ng kapaligiran at kalikasag kanyang kinalakhan at ginagalawan. Kaya, dapat ang tao ay nakikiisa at nangangalaga sa kalikasan upang maiwasan ang paglubha ng mga karamdamang emosyonal dahil ang lunas ay nasa maayos na kalikasan.

## **Pagdadalumat sa Bagyong Ondoy: Isang Konstruktibismo at Lokal na Pananaw**

Dindo Palce Cafe  
De La Salle University

Gamit ang konstruktibismo at lokal na pananaw bilang paradigma layunin ng papel na ito ang kritikal na pagbaybay sa kahulugan ng bagyong Ondoy. Ito ay nakaankla sa argumento na ang kalamidad ay hindi likas na pangyayari ngunit isang pangyayaring sosyal na nakabase sa buhay at istruktura ng lipunan. Sa kabuuan, sinagot ng papel na ito ang katanungang ano ang pagpapakahulugan ng mga kasapi ng Sagrada Familia sa bagyong Ondoy. Sa pamamagitan ng pakikipanayam, kolektibong katutubong pakikipanayam at nakikiugaling pagmamasiid bilang mga metodo natuntun ng pag-aaral na ito ang mga iba't ibang dalumat sa Ondoy. Ang mga dalumat na ito ay ang mga sumusunod: (1) sakuna, (2) trahedya, (3) ispiritwal na kaganapan o parusa, (4) bakwet o bakwet, (5) tulong, at (6) paghahandang ispiritwal.

## **Pagdanas sa Depresyon sa Pook Rural**

Karen Grace DG. Alvarez  
Central Luzon State University

Ang kwalitatib na pag-aaral na ito ay tumutukoy sa depresyon sa pook-rural. Nilayon ng pananaliksik na ito na alamin ang depresyon sa pook-rural sa pamamagitan ng pagtuklas sa kabuuang pagdanas at pagharap sa depresyon ng mga kalahok buhat sa bayan ng Gabaldon, Nueva Ecija. Inalam ang epekto ng konteksto sa pagdanas ng depresyon, ang mga sintomas at pamamaraan ng pagharap ng mga kalahok. Isinaalang-alang ang mga elemento ng pook-rural gaya ng pagkakaroon ng mataas na social support, kahirapan dulot ng kawalan ng mga fasilidad at oportunidad at agrikultura bilang mahahalagang salik sa pagdanas ng depresyon.

Gamit ang Modelo ng Pagdadala, tinignan ang pagdanas ng mga kalahok sa depresyon bilang dinadala ng isang tao tungo sa kaniyang mithiin sa buhay. Ayon sa modelong ito, ang buhay ay isang paglalakbay na may na paroroonan. Ang tao ay isang manlalakbay (nagdadala) na may tiyak na dalahin. Ang mga dalahing ito ay mga responsibilidad sa buhay o mga bagay na pinahahalagahan natin. Mayroon din tayong dinaraan (konteksto) at destinasyon (mithiin o pangarap sa buhay).

Sa tulong ng pagtatanung-tanong, pagmamasiid at pakikipagkwentuhan, nakapili ng tatlong lalaki at tatlong babae na pumasa sa batayan ng DSM IV bilang nagtataglay ng depresyon. Isinagawa pa ang paulit-ulit na pakikipagkwentuhan upang makalap ang datos mula sa mga napiling kalahok.

Kahirapan dulot ng mga nabanggit na elemento ng pook-rural gaya ng kawalan ng fasilidad at oportunidad upang suportahan ang kabuhayan ng pamilya ang naging pangunahing ugat ng pagdanas nila ng depresyon. Maaaring tuwiran at di-tuwiran ang efekto ng kahirapang nadarama na humahantong sa depresyon. Tuwiran kung saan ang aktuwal na kawalan ng mapagkukunan ng makakain o mapagkakakitaan ay hahantong sa depresyon. Di-tuwiran naman kung tulay lamang ang kahirapan upang makaramdam ng mga sintomas ng depresyon ang isang tao.

Sa kabilang banda, lumalabas din na napakahalaga ng gampanin ng pamilya at mga kaibigan sa kabuuang pagdadala ng isang taong may depresyon. Ang mataas na social support ay malaking tulong sa pagpapabuti ng kanilang kalagayan.

Sapagkat sila ay dumaranas na ng depresyon, tinatayang nahihirapan ang mga kalahok sa kanilang pagdadala. Lumalabo ang dahilan ng kanilang paglalakbay dahil an rin sa hirap na pinagdaraan. Ang kanilang mga dalahin ay ang kanilang pamilya at kabuhayan na pinahihirap pa ng kahirapan. Mahalagang dalahin ito at hindi maaaring basta-basta na lamang ibaba kung kaya't mahirap itong dalahin. Pinagdaraan ng mga kalahok ang konteksto ng pook-rural kung saan ang lahat ay nakadepende sa ani ng mga magsasaka. Nakikita naman nilang destinasyon ang pag-unlad ng buhay at pagtatag ng mga relasyong kanilang kinabibilangan. Nakagagaan ang mga paminsan-minsan nilang paghilinga sa mga taong pinagkakatiwalaan nila ng lubos na siya ring itinuturing na mga kapwa-nagdadala. Karaniwan itong pananin ng mga asawa, kaibigan, kapitbahay at mga kapatid.

Sa huli, ang depresyon sa pook-rural ay isang dinamikong sistema na nagpapakita ng ugnayan ng tao at konteksto.

## **SYMPOSIUM SA PERSONALITY**

Room CSS201

November 25, 4:00-5:00 n.h.

### **Exploring a Hierarchical Taxonomic Structure of the Filipino Personality Using Salient Trait Adjectives**

Johann Andrew V. Sagmit

Ateneo de Manila University

Studies on the Filipino personality using lexical trait terms have been heavily dependent on factor analysis. These usually yielded a number of orthogonal factors. However, none of these studies attempted to look at a possible hierarchical structure. This study explored this alternative taxonomic model for the core Filipino personality. A pool of 140 salient Filipino trait adjectives was subjected to a top-down hierarchical factor analysis technique. This resulted to a multi-level structural representation that suggests a number of positively-valenced and negatively-valenced personality facets and sub-facets. Implications of the results on current Filipino psychology and directions of future indigenous studies are discussed.

### **Exploring Geometric Representations of the Core Filipino Personality Traits**

Johann Andrew V. Sagmit

Ateneo de Manila University

Taxonomic representations of the Filipino personality rely heavily on identifying and describing orthogonal components of the construct. However, none of these taxonomic representations attempted to explain possible geometric structures that could describe complex hidden features underlying these components. In this study, positively- and negative-valenced Filipino trait adjectives obtained from a hierarchical structural model proposed by the author were subjected to multidimensional scaling (MDS). Four geometric models (a line, a circle, a sphere, and a cube) were examined. Inter-rater procedures were carried out to identify organizational dimensions inferred from these representations. Implication of the results on current Filipino psychology and directions of future indigenous studies are discussed.

### **Gender Differences on the Factor Structures of Positively- and Negatively-Valenced Filipino Trait Terms**

Johann Andrew V. Sagmit

Ateneo de Manila University

This study explored gender differences on the factor structures of positively- and negatively-valued Filipino trait adjectives. This was carried out by comparing item loadings of the factor structures of male and female respondents against each other, and against general structures when both genders were combined. Results indicate that on some facets of the Filipino personality where gender differences were found, personality structures of Filipino men suggest a more analytical and intensive organization, while personality structures of Filipino women imply a more holistic and extensive quality. These findings explain why factor analysis of Filipino trait terms using male samples produced more factors and explained slightly higher variances than when female samples were used in the analysis. Implications of the results on current Filipino psychology and directions of indigenous studies are discussed.

### **Exploring Filipino Personality: A Lexical Study**

Joanne Salve P. Osea at Rowena Guiang

Ateneo de Manila University

The structure of Filipino personality lexicon was investigated. Self-ratings on the 140 most frequently used Filipino personality-descriptive adjectives were obtained from 828 Filipinos. Seven comparable Filipino dimensions were identified in factor analysis using varimax rotation. The dimensions, in order of size, were labeled as the following: Interpersonal Responsiveness, Interpersonal Egotism, Effervescence, Cognition, Worthiness, Tampo and Religiosity Factors. The study concludes that the first six factors correlates with the Big Five, HEXACO and ML7 models. The religiosity factor is the unique factor that resulted from this study. The results are discussed in relation to other lexical studies of personality structure and Sikolohiyang Pilipino.

## **PSYCHOTHERAPY AT INTERVENTIONS**

Room CSS203

November 25, 4:00-5:00 n.h.

### **Pagsubok ng Torya-torya Modyul para sa Pagbigay-Lunas sa Paghihirap Bunga ng Karanasan sa Pakikidigma (Piloting the Torya-torya Module for mental health management in the frontlines)**

Gail Tan Ilagan

Ateneo de Davao University

Dalawang aktibong sundalo ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas na nanganganib na makaranas ng PTSD bunga nga mga karanasan as pakikidigma ay isinailalim sa 5-sesyon na pinaikling pasalaysay na sikoterapi. Ang mga sintomas ng pag-iwas at pagkaramdam ng panghihimasok ay nabawasan limang linggo matapos ang ikahuling sesyon.

### **Sa Unang Putok ng Giyera... (Katutubong Interbensiyon Para sa mga Bata sa Gitna ng Armadong Labanan)**

Myra Christine C. Caguioa at Cynthia M. Dacanay

University of the Philippines Baguio, Community Health Education, Services and Training in the Cordillera Region

Sa simula pa lamang ng armadong labanan, ang mga bata ang lubos na apektado. Sila'y nakakaranas ng pisikal at sikolohikal na paghihirap dulot ng pagkakahilaw sa kani-kanilang mga pamilya, pagkakasaksi sa pagkamatay o paghihirap ng kanilang mga mahal sa buhay, sapilitang pag-alis sa kanilang mga tahanan at komunidad, pagkakatiigil sa pag-aaral at normal na aktibidad sa komunidad at iba pang kalagayang nagbabanta sa buhay. Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa epekto ng militarisasyon sa mga batang kabilang sa tribung Maeng na matatagpuan sa Sitio Pananuman, munisipalidad ng Tubo sa Abra sa Rehilyong Kordilyera. Gamit ang mga Filipino values na "*katahimikan*", "*kaliigtasan*", at "*kaayusan*", ganun din ng "*kakayahan*", "*kalakakasan*" at "*kapangyarihan*", ang pag-aaral na ito ay tumukoy sa mga katutubong pamamaraan ng komunidad sa mga apektadong bata at mamamayan. Nakita na ang mga katutubong ritwal gaya ng "*tumo*", "*fetad*", "*daniw*" at "*uggayam*" ay mga epektibong paraan ng pagtugon sa malalang pagkabalisa at sikolohikal na traumang naranasan ng mga bata maging ng iba pang mamamayan ng tribu. Ang agarang pagtugon ng mga katutubong kababaihan at ang mga iba pang interbensiyon gaya ng Critical Incidence Stress Debriefing (CISD) na ibinigay naman ng isang NGO na pangkalusugan ay nakatulong ng malaki para sa panunumbalik ng self confidence (*kakayahan*), sense of safety (*kaliigtasan*) at sense of community (*agkakailyan* – Ilocano term) ng mga bata.

### **PRSRM: Isang bagong tuklas, epektibo, at madaling pamaraan sa pagpapababa ng lebel ng "stress"**

Edwin Decenteceo

University of the Philippines Diliman

Hindi sinadyang natuklasan ng may-akda ang Pelvic Release Stress Reduction Manuever, o PRSRM\*. Ito ay nangyari habang may binababasa siyang email na hindi niya nagustuhan. Sinubukan niyang gamitin ito sa iba pang mga sitwasyong nagdudulot ng "stress" sa kanya. Bilang panimulang pag-aaral, sinubukan niyang ituro ang PRSRM sa kanyang mga estudyante sa Sikolihya. Batay sa kanilang obserbasyon na epektibo at madaling gamitin ang PRSRM sa pagbaba ng lebel ng "stress", isang pormal na pag-aaral ang binuo na kung saan ay mas maipapakita na epektibo ang PRSRM. Ang mga estudyanteng kalahok ay boluntaryong sumali sa pag-aaral na ito. Mga larawan ng mga paa o kamay na may sugat na nakuha sa orthopedic ward ng isang ospital ang ginamit na "stress stimuli."Ang mga larawan ay binigyan ng bawat isang kalahok ng "stress score" (1-10) pakatapos itong makita sa loob ng limang segundo. Ang mga kalahok ay pinaghiwalay sa tatlong grupo batay sa mga sumusunod na kondisyon: 1) grupong tuturuan ng PRSRM, 2) grupong tuturuan kung paano pagmasdan ang paghinga (Breath Observation), at 3) grupong walang kahit anong pagsasanay. (Ang Breath Observation Group ay ginamit dahil ayon sa ilang kalahok ng panimulang pag-aaral, epektibo ang PRSRM dahil na-distract lang sila kaya wala silang naramdaman

na "stress.") Sa pamamagitan ng PowerPoint, tatlong larawan ang unang ipinakita sa kalahok para malaman kung talagang nabahala siya ng mga nabanggit na larawan. Pagkatapos, walong larawan pa ang ipinakita sa kanya para masukat ang "baseline" ng kanyang pagkabahala. Sumunod dito itinuro sa kanya ang PRSRM o Breath Observation batay sa kanyang grupo. Ang kalahok sa No Treatment Control ay pinagpahinga lamang ng dalawang minuto. Pagkatapos ng training o pahinga, walong larawan pa ang ipinakita. Bago ipinakita ang ika-siyam na larawan, sinabi sa kalahok na umpisahan niyang gamitin ang prosesong itinuro sa kanya. Kung sa palagay niya ay handa na siyang tumingin sa larawan, nag-click siya sa PowerPoint. Inulit ang prosesong ito bago ipakita ang sumunod pang mga larawan. Sa pamamagitan ng ANOVA, nakita na ang grupo ng PRSRM ang may pinakamalaking bawas sa "stress scores." Nabawasan din ang "stress scores" ng Breath Observation Group kung ikukumpara sa Control Group ngunit mas malaki pa rin ang nabawas sa "stress scores" ng PRSRM. Hindi nagbago ang Control Group.

### **Ang Langgam na Matapang: Isang pagsilip sa isang Psychosocial na Interbensyong Pambata noong panahon ng Bagyong Pepeng sa Benguet noong 2009**

Jojet Lamberto R. Mondares

Philippine Military Academy, SLU-Sunflower Children's Center

Sa panahon ng kalamidad ay hindi matatawaran ang dedikasyon ng mga Pilipino sa pagtulong sa kanyang kapwa. Di na pangkaraniwan ang mga ginagawang pagsasanay hinggil sa pagbibigay ng Critical Incident Stress Debriefing (CISD) o Psychosocial Intervention (PSP) sa mga bolontir. Ang prosesong ito ang kadalasang ginagamit upang mgatulungan ang mga biktima ng kalamidad mapabata man o matanda. Ngunit, ang prosesong ito ay ay mas angkop sa mga taong may kakayanang magkwento ng kanyang karanasan sa harapan ng isang isang grupo. Kadalasan ito ay mga dalaga't binata, at mga matatanda. Sa mga batang nasa elementary lalo na sa mga nasa nursery, prep o mga di pa nakakapag-aral, ang prosesong ito ay di lubusang nakakatugon sa kanila.

Ang presntasyong ito, ay isang pagsilip sa isang interbensyong isinulat upang kaagarang matugunan ang mga psychological at social na pangangailangan ng mga batang nagging biktima ng Bagyong Pepeng sa Benguet noong 2009. Kasama sa presentasyong ito ang kwento kung pano ito naisulat at ang mga tyorya kung bakit masasabing ito ay naangkop na interbensyon kumpara sa mga nakasanayang Critical Incident Stress Debriefing (CISD) o Psychosocial Intervention (PSP). Kasama din dito ay ang mga therapeutic procedures na napapalob sa kwentong pinamagatang "Ang Langgam na Matapang."

### **Paglalakbay Tungo sa Kabuonan: Isang Modelo ng Pagtulong sa mga Tumutulong sa Pinakamahirap sa mga Mahirap na Komunidad**

Violeta Villaroman-Bautista

University of the Philippines

Papaanong ang isang clinical psychologist na ang karanasan ay sa pagtulong sa mga grade A at B na kliyente ay makakatulong sa pagpapabisa ng gawain ng mga manggagawa sa komunidad na gumagalaw sa mga pinakamahirap sa mga pinakamahirap na komunidad. Ang papel na ito ay isang paglalalahad ng karanasan ng isang clinical psychologist sa paglalapat ng kanyang kaalaman sa sikolohiyang pangklinika sa pagkalinga sa isang NGO at mga manggagawa nito na gumagalaw sa pinakamahirap na komunidad. Binakas ang proseso ng pag-unlad ng gawaing ito na ang panimulang prinsipyo ay kabukasan sa karanasan at dayalohikong pagkatuto. Inilarawan rin sa papel ang isang nabubuong madelo ng pagtutulongan na tumutumbok sa kabuonan ng mga manggagawa sa komunidad at ng kanilang mga kliyente. Tiniyak at ipinaliwanag ang ilang mga konsepto at pamamaraang umusbong sa proseso ng pagtutulongang ito tulad ng paghihinga, pag-istima, pagpapakilatis, pagsabang, paghihinagpis, pagdadalamhati, pagpapatotoo, pagbubukas buhay, pagpapahingalay, paglusong, pagkalas, atbp. Inaasahan na ang papel ay makakaragdag sa paglilinaw kung paanong ang isang clinical psychologist ay maaaring makilahok sa gawain ng pagkalinga sa mahihirap na komunidad at sa mga taong nakalubog sa gawain ng pagtulong dito.

## **KASAYSAYAN AT SP**

Room CSS204

November 25, 4:00-5:00 n.h.

### **Labas, Loob at Lalim sa Diskursong Igorotismo**

Marian A. Caampued

The Philippine Women's University – Manila

GINAMIT NI GERARD FININ, PROPESOR AT MANUNULAT NG *The Making of Igorot* (2005) ANG TERMINONG 'IGOROTISMO' UPANG TUKUYIN ANG KAMALAYAN AT PAKIKIBAKANG IGOROT POKUS SA PANAHON NG PANANAKOP NG MGA AMERIKANO SA ATING BANSA. SA MGA PAG-AARAL NAMAN NG IBA'T IBANG PRAYLE AT ISKOLAR TULAD NINA ANTOLIN (NOTICES OF THE PAGAN IGOROT) AT SCOTT (*The Discovery of the Igorot*), MAHIHINUHA NA ITO AY ANG NATATANGING PAMAMARAAN SA PAMUMUHAY AT PAGTUTOL NG MGA KATUTUBONG PILIPINO SA KORDILYERA AT AMIANAN MULA SA PANANAKOP NG MGA KASTILA. UMAALINGAWGAW ANG IGOROTISMO SA KASALUKUYAN BILANG PAGTUKOY SA PAGHARAP NG MGA IGOROT SA MGA USAPING SOSYO-POLITIKAL, PAGTATANGGOL SA LUPANG TINUBUAN AT LALONG HIGIT SA KABUUNANG KAGALINGAN NG KAIGOROTAN.

ANG LABAS, LOOB AT LALIM SA DISKURSONG IGOROTISMO AY PAGDADALUMAT SA KATAUHANG PILIPINO BATAY KAY COVAR NA MAY TUNGUHING SIYASATIN ANG MGA PANGUNAHING PAG-AARAL NA ISINAGAWA NG MGA BANYAGANG ISKOLAR HINGGIL SA IGOROTISMO. MAHALAGANG PAGTUUNAN NG PANSIN ANG TALAB NG SIKOLOHIYANG PILIPINO SA IGOROTISMO HINDI LAMANG UPANG SALAIN ANG MGA PAGDADALUMAT NA NAISAGAWA NA NANG SA GAYON AY MAPAG-INGATAN ANG MAAARING DI WASTONG PAGHAWAK (TREATMENT) SA MGA USAPIN NA MAAARING PAGMULAN NG PANIBAGONG OSTRATISASYON AT MALING PANINIWALA.

PAGSUSURING TEKSTUWAL ANG PANGKALAHATANG PAMAMARAANG GAGAMITIN SAMANTALA MAGKAKARON NG MGA PANAYAM AT PAGLAHOK SA MGA PANG GAWAING PANG-KOMUNIDAD SA PAGPAPATOTOO (VALIDATION) NG MGA NAKALAP NAIMPORMASYON.

DISKURSO SA PAGKA-PILIPINO NG MGA IGOROT ANG TAMPOK NOONG PANAHON NG KOMONWELT AT NAGPAPALIBALIK SA PAREHONG KAMALAYAN NG MGA MGA IGOROT AT HINDI MAGING SA KASALUKUYAN. SA BALANGKAS (FRAMEWORK) NG LABAS, LOOB AT LALIM BILANG PERSPEKTIBA NG PAGKATAONG PILIPINO, MAPAPAIGTING ANG KAKANYAHAN AT KAGALINGANG IGOROT BILANG NATATANGING SALIK NG KAAKUHAN NG PILIPINO. GAYUNDIN, PAGTITIBAYIN NG IGOROTISMO ANG BALANGKAS NA ITO NA HINDI LAMANG BATAY O SAKLAW ANG ISANG ETNOLINGGWISTIKONG PANGKAT SA PILIPINAS KUNDI MARAMI AT MAAARING IBA-IBA.

### **Re-Reading the "Filipino Moral Paradigm": 'Split-Level' Christianity to 'Sikolohiya ng Pakikipagrelasyon'**

Eduardo M. Domingo

De La Salle University- Manila

ANG 'KOLONYAL NA MENTALIDAD' AY KATOTOHANANG DAPAT HARAPIN NG MGA PILIPINO. KARANIWAN, ANG NAKASANAYANG KANLURANING PANANAW O BATAYAN AY ANG GAMIT SA PAGBABASA, PANG-UNAWA AT PAGHUHUSGA SA MGA MASILIMUOT NA PANGYAYARI SA ATING BUHAY. ANG PAPEL NA ITO AY NAGLALAYONG IPAKITA ANG KAHALAGAHAN NG RE-READING NG MGA MORAL ISSUES SA BUHAY NG PILIPINO. NAMAMALAYAN MAN O HINDI, ANG PAGKILOS O MORAL NA GAWAIN NG PILIPINO AY MAY PINAG-UUGATAN: ANG SIKOLOHIYANG PILIPINO. NAPAPANAHON AT NARARAPAT LAMANG NA BASAHIN AT HUSGAHAN NATIN ANG MGA MORAL ISSUES SA ATING BUHAY NA GAMIT ANG SIKOLOHIYA NG PAKIKIPAGRELASYON AT HINDI ANG 'SPLIT-LEVEL CHRISTIANITY' NA PANANAW. ANGKOP LAMANG NA MABASA MULI ANG MGA ITO BATAY SA 'SIKOLOHIYA NG PILIPINO SA PAKIKIPAGRELASYON'. SA GANITONG PARAAN LAMANG NATIN MAUNAWAAN ANG ATING MGA GAWAIN BILANG PILIPINO SAPAGKA'T ANG PAKI-KI-ISA AY SIYANG TUNAY NA MAKABULUHAN SA ATIN.

### **Manipulasyon o Pakikipagkapwa: Isang Pag-unawang Pangkasaysayan sa Sinaunang Pananampalatayang Pilipino**

Jose Rhommel B. Hernandez

De La Salle University, Manila

ANG PAPEL NA ITO AY BUNSO NG DALAWANG PAG-AARAL NA PANGKASAYSAYAN TUNGKOL SA RELIHIYONG PILIPINO. NASALARAN NG KASAYSAYANG TIMOG SILANGANG ASYA ANG UNA NA ISINULAT NG BATIKANG HISTORYADOR NG TSA NA SI ANTHONY REID. PARA SA KANYA, MAIPAPALIWANAG ANG MGA GALAW SA LOOB NG RELIHIYONG TIMOG SILANGANG ASYANO, KABILANG NA ANG PILIPINAS, BILANG PATULUY NA MANIPULASYON NG MGA ESPIRITU PARA SA IKAGAGALING NG BUHAY NG TAO. ANG IKALAWANG AKDA NAMA'Y NASALARAN NG KASAYSAYAN NG SIMBAHANG KATOLIKO SA



Pilipinas mula kay John Schumacher. Ipinaliwanag sa kanyang akda ang mga ugat na pangkasaysayan ng tinutukoy niyang sinkretismo sa pananampalatayang Pilipino. Bagamat napakahalaga ng mga natukoy na bagay sa kanilang mga akda, makikita namang walang benipisyo ng mga bagong teorya ng agham panlipunan at sikolohiya ang kanilang mga pahayag. Layon, samakatuwid, ng papel na ito na unawain ang pananampalatayang Pilipino mula sa punto de vista ng antropolohiya, sikolohiya at kasaysayan. Susuriin ang mga isinulat nang mga kronika at etnograpiya mula sa panig ng mga sinaunang misyonero dito sa Pilipinas at bibigyan ito ng pagsusuri upang makita ang maaaring dinamiko nito sa pang araw-araw na buhay ng mga Pilipino.

### **Kontrol, subersyon at kakanyahan sa lipunang tabako, 1883-1930**

José Ma. Arcadio C. Malbarosa  
Kagawaran ng Agham Pampulitika  
De La Salle University

Natamasa ng tabakong Filipino ang tugatog ng kanyang katanyagan sa mundo nang ang Pilipinas ay kolonya ng Espanya at Amerika. Kasama sa reputasyon ng tabakong Filipino ang husay ng mga nagtatanim at nagaalaga ng halaman, gayundin ng mga gumagawa ng mga produktong mula dito. Kilala ang halamang tabako bilang "tabacos de Isabela" o "Tabacos de Cagayan" noong panahon ng Espanyol. Sa ilalim ng administrasyong kolonyal ng Amerika, sumikat ito bilang "Philippine dark tobacco" at ang mga produktong mula dito bilang "Manila Cigars."

Hindi pa nasusuri ang mga diskurso tungkol sa lipunang pantabako sa panahong ito lalo na ang tungkol sa Pilipino bilang pangunahing aktor dito. Nais bigyang pansin ng panayam na ito ang mga datos ng *Compañía General de Tabacos de Filipinas*. Kikilalanin ang mga ito bilang pagtanaw mula sa labas sa mga *colonos* o *inquilinos* sa mga hasyenda sa Isabela ng nasabing kumpanya. Ang pagtanaw na ito ay hinubog ng espasyong bunga ng ugnayan ng mga gumagawa at nagpapatupad ng mga batas kolonyal pati na ng mga kapitalista at ng mga tinatawag na *colonos* o *inquilinos*.

### **Papaloob ba ang Daang Matuwid? Talinhaga sa Talumpati ni Pnoy**

Roberto Javier Jr.  
De La Salle University – Manila

Tinatalakay sa papel na ito ang mga talinhaga't tema sa mga talumpati ni Pangulong Benigno Simeon Aquino, III. Sinipi sa nakalathala sa mga website ng gobyerno ng Republika ng Pilipinas at non-government na organisasyon sa bansa ang mga talumpating sinuri sa pag-aaral na ito. Analisis ng teksto ang inilapat na paraan para tukuyin ang tema ng bawat talumpati. Gamit din ang metodo sa hermeneutika, inihayag ang kubleng kahulugan ng mga hinagilap na talinhaga, metapora, kasabihan, pati biro at iba pang bahagi ng pananalita sa talumpati. Ang mga binigkas na pananalita ay naganap sa mga makasaysayang okasyon tulad ng Panunumpa sa pagka-Pangulo, State of the Nation Address, Meeting with Filipino Communities sa USA, at 100 Araw sa Malakaña. Tungkol sa talamak na nakawan sa gobyerno at tambak na problemang kaugnay ng kahirapan ang *consistent* na taglay ng mga talumpati. Hiitik sa talinhaga ang bawat talumpati na tumutuligsa sa kawalan ng loob sa kapwa ng mga tiwali sa pamamahala lalo na ng mga nasa taas ng organisasyon sa gobyerno. Sa tuwina, inuusal sa talumpati ang dasal na maibsan ang dusa ng mga karaniwang Pilipino lalo na ng mga maralita. Subalit kahit pa seryoso ang tono ng talumpati na tugisin ang mga tiwali at tahakin ng bagong gobyerno ang tuwid na landas, abot-tanaw pa lamang ang daan. Bagama't may ilang hakbang nang nagawa sa paglakad sa daang matuwid madalas na nadadapa dahil kinakapa ang daan at may mga naglalakad na palihis ang landas. Kailangang sadyain ang daang matuwid, matutunang mabilis ang pasikot-sikot nito, at tahakin ito nang papaloob. Sa pagsasaaayos ng madaraanang patungo doon dapat baon ang taos-pusong pakikiisa sa kapwa sa panahon ng paglalakbay.

## **PAKIKIPAG-UGNAYAN AT DAMDAMIN**

Room CSS AVR

November 25, 4:00-5:00 n.h.

### **“Psst! Kung Hindi Mo Napapansin, Ini-isnub Kita”: Isang Pag-Aaral ng Pagtatampo sa Mga Magkasintahan**

Jenesis S. Adriano, Rosalind Therese M. Espiritu, Arian Anderson Rabino at Avila Odia S. de Jesus  
De La Salle University-Manila

Ang pag-aaral ay tungkol sa pagtatampo sa konteksto ng mga magkasintahan. Ginamit sa pag-susuri ang focused group discussion bilang pangunahing pamamaraan upang makalipon ng datos na nilahukan ng dalawampu't apat na tao. Ayon sa pagsusuri, ang kadalasang sanhi ng pagtatampo ay ang pag gawa ng isang akto na hindi sinasang-ayunan ng katipan, o ang hindi pagsasatupad ng inaasahan mula sa karelasyon. Madalas ito ay ipinahihiwatig sa pamamagitan ng hindi pakikipag-usap o kawalan ng ganang makasama ang kasintahan. Ang pagtatampo ay nagsisilbing pamamaraan ng hindi tuwirang pagbigay-alam sa pagitan ng magkasintahan patungkol sa mga alituntuning ng kanilang relasyon, at pagsasaad ng kanilang mga pansariling prayoridad. Sa mga kalahok, dumadalang ang insidente ng pagtatampo sa pagtagal ng kanilang relasyon. Ayon din sa kanila, maaaring pagiging pamilyar at ang kalaliman ng relasyon ang sanhi nito.

### **Kasiyahan ng mga Magsasaka sa Guimba, Nueva Ecija (Happiness of Filipino Farmers in Guimba, Nueva Ecija)**

Angelo R. Dullas

Central Luzon State University, Science City of Munoz, Nueva Ecija

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay tukuyin ang posibleng konsepto ng kasiyahan ng mga magsasaka. Binigyang pansin din sa pag-aaral na ito ang mga baryabol tulad uri ng magsasaka, bilang ng taon sa pagsasaka, lawak ng sinasaka, at kita sa bawat sakahan at ang relasyon nito sa kasiyahan ng mga magsasaka. May anim na kalahok sa *qualitative* na bahagi at 130 sa *survey*. Ang mga kalahok ay hinati batay sa uri ng magsasaka-kasama, magsasakang may maliit na lupang sakahan at magsasakang may malaking lupang sakahan.

Ang mga datos ay kinalap sa pamamagitan ng pakikipanayam at *survey questionnaire*. Ang pag-aaral ay ginamitan ng *thematic approach*, *regression analysis*, *t-test*, *analysis of variance (ANOVA)* at *Pearson correlation* bilang paraan ng pag-aanalisa ng datos.

Batay sa resulta ng pakikipanayam, lumabas ang mga tema tulad ng positibo at negatibong karanasan ng mga magsasaka, pinagmumulan ng kanilang kasiyahan at kahulugan ng kasiyahan. Ang mga pangunahing pinagmumulan ng kasiyahan ng mga magsasaka ay ang kanilang pamilya, kapwa-tao at ang kanilang propesyon. Lumabas din sa resulta ng pakikipanayam na ang mga magsasaka ay masaya. Dalawa sa prominenteng tema ang nakita sa pagbuo ng posibleng konsepto ng kasiyahan ng mga magsasaka. Ito ay ang pagiging matatag ng mga magsasaka sa pagsubok (*resiliency*) at pinagmumulan ng kanilang kasiyahan. Sa dalawang temang ito maaaring masalamin ang konsepto ng kanilang kasiyahan.

Sa kabuuan ang mga magsasaka ay masaya batay naman sa resulta ng *survey*. Lumabas din sa resulta ng *t-test* na walang pagkakaiba ang lebel ng kasiyahan ng mga magsasaka sa *irrigated farms* at *non-irrigated farms*. Ayon naman sa resulta ng *Analysis of variance (ANOVA)* at *multiple comparisons test (Scheffe)* na may pagkakaiba sa lebel ng kasiyahan ng mga kasama, magsasakang may maliit na lupang sakahan at magsasakang may malaking lupang sakahan. Mayroon ding relasyon ang bilang ng taon sa pagsasaka, lawak ng sinasaka, at kita bawat sakahan at kasiyahan ng mga magsasaka.

### **Sori ha?: Isang Pag-aaral sa Personal na Paghingi ng Patawad**

Sandra C. Ebrada

PsychConsult, Inc./De la Salle University

Sinuri sa pag-aaral na ito ang proseso ng maysala sa paghingi ng patawad—ang kanyang konsepto, damdamin, kilos, at sinasabi bago, habang, at pagkatapos niyang humingi ng patawad at kung sa huli, may bunga at paghihilom. Tinalakay din ang proseso kung hindi humingi ng patawad at kung hindi

pinatawad ang maysala. May 27 katao ang napanayam, 13 babae at 14 na lalaki. May 26 na kuwentong pangkaraniwan ang kasalanan at 15 kuwentong mabigat ang kasalanan. Ginamit ang qualitative analysis sa mga kuwento. Lumabas na isang paglalakbay sa kalooban ang paghingi ng patawad. Maraming tatanungin ang maysala sa kanyang sarili hanggang sa siya ang magpasiyang humingi ng patawad. May kayamanan at hadlang sa paglalakbay ngunit may tulong din galing sa iba. Kung tiyak ang maysala na kasalanan niya at pinananagutan niya ito, kusa niyang pinupuntahan ang nasaktan at sa isang pribadong lugar, humihingi ng patawad na may kasamang paliwanag. Una, bulabog ang kanyang kalooban ngunit dumarating ang kaginhawahan at kasiyahan. Sa huli, may paghihilom na nagaganap sa maysala at bumalik ang pagsasama. Walang paghihilom na nagaganap sa mga maysalang hindi humingi ng patawad.

### **Development of a Database of Emotionally-Laden and Neutral Tagalog**

Anton Simon M. Palo

Janet Vylle T. Ong, Nikki C. So at Lorrie Gayle G. Marasigan

De La Salle University-Manila

The present study is an attempt to build a database of emotionally laden and neutral Tagalog words based on the responses of one hundred fifteen participants. Two hundred thirty seven emotionally laden words were rated for their valence (how positive or negative each word was) while one hundred sixty five neutral words were rated for their imageability (how easy is it to capture the essence of the word in an image). All words were also rated on how familiar each word was to the respondents. From these ratings, the most valent (for the emotionally laden words) and the most familiar (across all categories) were extracted and matched for their ratings. Lastly, the words were matched for their orthographic neighborhood ratings as obtained through the Levenshtein Edit Distance Algorithm. Pilot study reports using the final word list in psychological distance scaling task, emotional stroop task, and brief implicit association test, and further recommendations for future word databases will also be provided.

### **Happiness and unhappiness: Themes and dimensions from Filipino students' lay conceptions**

Maria Guadalupe C. Salanga at Homer J. Yabut

De La Salle University

The current investigation is an extension of Uchida and Kitayama's (2009) empirical examination of cultural folk models of happiness and unhappiness of Japanese and Americans. The study shares conceptual and methodological similarities with Uchida and Kitayama's examination of the two emotional states in Eastern and Western samples. In the present study, Filipino university students were tasked to provide descriptions of the emotional states of happiness (kaligayahan/kasiyahan) and unhappiness (kawalan ng kaligayan/kasiyahan). Specifically, Filipino university students were made to describe the characteristics, sources, and consequences of the emotional states of happiness and unhappiness. Participants also rated the extent to which each description is very desirable (talagang kanais-nais) or very undesirable (talagang hindi kanais-nais). The descriptions and ratings were subjected to multidimensional scaling (MDS) as a means of identifying similarities and differences in conceptions of happiness and unhappiness. Findings are explained in the context of emic and etic conceptions of the two emotional states. Implications for theory and research are also presented.

### **SYMPOSIUM SA LGBT NA PAG-AARAL**

Room CSS201

November 25, 11:00-12:00 n.t.

### **"I ♥ Lesbian and Gay Rights": Publicly Worn Advocacy Symbols as a Tool for Developing Awareness of Heterosexism among Filipino College Students**

Eric Julian Manalastas

University of the Philippines Diliman

Heterosexism – the ideology that privileges heterosexuality while denigrating and denying equal status to lesbian and gay sexualities – is a fundamental concept in LGBT psychology, though it may be less appreciated by non-LGBT individuals who may not consciously feel its operations in daily life. As a learning exercise on raising LGBT awareness, 31 students in an undergraduate course on LGBT

psychology spent five days publicly wearing a sticker with the advocacy slogan "I ♥ Lesbian & Gay Rights." This paper discusses the process, outcomes, challenges, and insights of such publicly worn advocacy symbols as a learning tool for exploring and analyzing anti-LGBT stigma and heterosexism in everyday settings based on student narratives. Possible mechanisms, including stigma consciousness and intergroup empathy, will be discussed.

### **Silent B in LGBT?: A Study on Cognitive Representations and Social Identities of Filipino Female and Male Bisexualities**

Cherrie Joy Billedo at Eric Manalastas  
University of the Philippines Diliman

The LGBT movement is slowly but significantly gaining influence in Philippine society, thanks to the responsive and proactive activism that Filipino LGBT activists have been engaged in the past recent years. Although it has taken a unified stand in most issues, the LGBT community cannot be identified, addressed and dealt with as a single entity. A closer examination of the Filipino LGBT community suggests relatively stronger representations of the lesbians, gay and transgender subgroups – while bisexuals remain less visible. The lack of strong representation of bisexual groups and bisexual issues in the Filipino LGBT community is hypothesized to be partly due to the ambiguity of social identification of and with Filipino bisexual social category. We examine cognitive representations and social identities of Filipino female and male bisexualities in two investigations. Study 1 describes general beliefs about bisexualities using a free-listing methodology with 117 Filipino university students. Study 2 explores perspectives from ingroup members using in-depth interviews with self-identified bisexual Filipinos (two women and two men). We argue that with better documented, clarified cognitive representations and social identities of Filipino bisexualities, voices of bisexual Filipinos will be better heard, and the B in LGBT will no longer be silent.

### **Filipino LGBT Rights Activists: Narratives of Advocating Social Justice and Sexual Citizenship Rights**

Beatriz A Torre at Eric Manalastas  
University of the Philippines Diliman

Key political events in late 2009 and early 2010 highlighted the ongoing struggle for sexual citizenship rights for Filipinos who are lesbian, gay, bisexual, and transgender. In an ongoing study of LGBT rights, we explored the motivations, subjective experiences, and personal histories of key players in the Philippine LGBT rights movement. Using a peer-nomination procedure with participating organizations in the 2009 LGBT Manila Pride March, we identified key players in the pursuit of social justice and equal citizenship rights for lesbian, gay, bisexual and transgender Filipinos. In-depth qualitative interviews delved into pathways to participation in advocacy work, motivations for LGBT activism, and reflections on the meanings of LGBT activism in the Philippines. Findings highlight key themes in the personal narratives of Filipino LGBT activists, including actions for LGBT rights activism, the perceived benefits and costs of being an LGBT rights activist in the Philippines, the centrality of identification as an activist, developing motivations and commitment for engaging in LGBT rights work, and constructions of future selves in and out of activism.

### **PAG-AARAL TUNGKOL SA SEKSWALIDAD**

Room CSS203

November 26, 11:00-12:00 n.t.

### **The Phenomenological Experience on Teen Pregnancy in the City of Malolos**

Valerie Judy R. Casiban

Holy Spirit Academy of Malolos

Sa pag-aaral na ito ay nilalayong siyasatin ang mga karanasan ng mga kabataang edad labingtatlo hanggang labing siyam at ang kani-kanilang saloobin at kaisipan na bumalot sa kanilang pagdadalantao sa murang edad. Inasahan na ang kanilang paghahayag ng saloobin ay makapagbibigay ng kasagutan ukol sa mga salik na maaring nakapagdulot ng kanilang maagang pagdadalantao. Ang balangkas ni Bronfenbrenner na Ecological System of Development ang ginamit upang matukoy ang mga Microsystems kung saan lumaki ang indibidwal. Gumamit din ang pag-aaral na ito ng Qualitative na pamamaraan

particular na ang phenomenology. Ang mga kasali sa pag-aaral ay kinapanayam ayon na rin sa mga pamamaraan ng Sikolohiyang Pilipino katulad ng pakikipagkwentuhan at pakikipagpalagayang loob upang mabuo ang pagtitiwala sa pagitan ng mananaliksik at ng kasali sa pag-aaral. Sa pakikipanayam, ang mga kababaihan ay nagkwento ng kanilang mga karanasan at ang mga temang lumabas ay nagrupong ayon sa Microsystems, mesosystems o macrosystem ng kultuwa ng Pilipino. Karagdagang tema pa ang mga nabuo na tumutukoy sa bawat gampanin, gawain, at mga kaugnayan sa bawat kasali sa mga systemang nabanggit. Lumabas sa pag-aaral na ang mga kabataang maagang nagdalantao ay hindi makapaniwalang mangyayari iyon sa kanila. Karamihan sa kanila ay sumubok sa sex sa kabila ng kanilang kaalaman at oportunidad na gumamit ng mga uri ng kontrasepsyon. Sinabi rin nila na ang kanilang pagdadalantao ay hindi inaasahang pangyayari. Ang kanilang mga magulang ay bukas sa pagsasabing ang premarital sex at maagang pagdadalantao ay hindi katanggaptanggap. Dahil dito, karamihan sa mga kabataang ito ay nakaramdam ng takot na ipaalam sa kanilang mga magulang ang kanilang kundisyon. Bukod sa mga magulang, nakikita rin nila ang negatibong resulta ng maagang pagdadalantao sa ibang tao tulad ng kapatid at kamag-anak ngunit hindi ito nagging dahilan para hindi sila pumasok sa mga gawaing makapagdudulot ng katulad sa kalagayan. Mayroon ding nakitang pagkakataon ng pagkaranas ng pressure mula sa mga kaibigan, kasintahan o partner na nagging pinakamalaking impluwensya sa pagpasok sa premarital o unsafe sex. Masasabing ang kanilang pagdadalantao ay hindi napapanahon sa kadahilanang bago ng pangyayaring iyon ang mayroon na silang mga plano sa kanilang kinabukasan at hindi kabilang ang pagiging batang ina sa mga planong nabanggit.

### **Pagkalalaki: A Multigenerational Study Of The Filipino Concept Of Masculinity**

Inocencia Raquel Monica S. Lucas, Abbie Anne C. SantoS at Joan Jovella Q. Veleno  
Ateneo De Manila University

Sa paglipas ng panahon, ang konsepto ng pagkalalaki (o *masculinity*), ay unti-unting umuunlad alinsunod sa patuloy na pagbabago ng ating lipunan. Sa kasulukayan, maaring 'di na gaanong angkop ang mahigpit at tradisyonal na pagtanaw sa kung ano ang isang tunay na lalaki. Datapwat malinaw na mayroong pangangailangang muling suriin ang konseptong ito.

Layon ng pag-aaral na itong tuklasin ang mga naturang pagbabago sa konsepto ng pagkalalaki dulot ng naging karaniwang pagpapalitan ng mga papel na ginagampanan ng mga babae at lalaki sa loob ng kani-kanilang mga pamilya.

Ang mga tagapagsaliksik ay nagdaos ng mga panayam at FGDs upang alamin ang konsepto ng pagkalalaki sa ating lipunan ngayon, base sa mga *Katangian at Kaugalian* na pinaniniwalaan ng mga kalahok na nararapat lamang na taglay ng isang lalaki, at base rin sa mga *Papel at Tungkulin* na inaasahan nilang gampanan ng mga lalaki. Labindalawang tema ang sumapababaw. Kabilang dito ang mga katangian at tungkuling simula noon pa'y iniuugnay na sa mga lalaki, tulad ng pagiging *Tagapagbigay ng Pangangailangan*. Kabilang din ang mga katangian at tungkuling di inakalang maiiuugnay din sa mga lalaki, gaya ng pagtulong sa mga *Gawaing-Bahay*.

Bukod pa dito, natuklasan din ng mga tagapagsaliksik ang ilang pagkakatulad at pagkakaiba sa konsepto ng pagkalalaki ng mga Pilipino mula sa iba't-ibang kasarian, henerasyon, at antas ng lipunan.

### **Pinay "Single Mom:" Paghanga o Pagkutya?**

Ali G. Mamaclay, Gener S. Subia at Clarafe A. Gonzales  
Wesleyan University-Philippines

Kilala ang mga Pilipina na laging iniuugnay sa katangiang taglay ni Maria Clara ng Noli Metangere - dalagang Pilipina kung turingan - makadiyos, mayumi at magalang. Bahagi rin ng pagkakakilanlan ng babaing Pilipina ang mga katangian naman ng mabuting asawa/maybahay/ina na tulad nila Gabriela Silang, Tandang Sora o maging si Sisa sa nobela ni Gat. Jose Rizal. Ang mga huli ay mailalarawan bilang mga matatapatang, at may tatag ng loob na harapin ang iba't-ibang pakikibaka sa buhay.

Sa pagdaraan ng panahon, di lamang tayo namulat sa dalagang Pilipina at ina (na pangkaraniwang may-asawa) kundi gayon din naman sa mga "dalagang ina" (walang asawa) o mga "solong ina" (maaring iniwan ng asawa, nabiyuda o humanatong sa ganitong kalagayan sa iba't-ibang kadahilanang).

Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang mga mabuti at di mabuting epekto ng pagiging "single mom" (ang taguri sa mga dalagang ina sa pangkasalukuyang panahon) – ang kanilang mga obligasyon, mga saloobing moral, karanasan, karapatan, pagpapahalaga, mga naging hamon sa pagpapalaki at paghubog nila sa kanilang mga anak bilang mabuting indibidwal. Ang pag-aaral na ito ay limitado lamang sa mga

single mom na hindi kasal at piniling palakihin ang kanilang anak sa kanilang pangangalaga at pagpapalaki ba binanggit sa R.A. 8972, Seksyon 3a.8 ng Solo Parent Act.  
Ang penomelohiyang pagsusuri at pag-aaral ang gagamitin ng mananaliksik upang maisakatuparan ang layunin ng nasabing pag-aaral.

## **PAG-AARAL TUNGKOL SA LOOB**

Room CSS204

November 26, 11:00-12:00 n.t.

### **Sa loob ang kulo... konsepto ng di-malay?**

Narcisa Paredes-Canilao

University of the Philippines Baguio

Nais ipakita ng papel na nagtataglay ng konsepto ng di-malay ang lumang salawikaing Pilipino: "Ang taong walang kibo, nasa loob ang kulo." Kung titingnan ang mga sari-saring gamit sa lipunang Pilipino, mula sa paging salawikain hanggang sa mga gamit nito sa kasalukuyan sa pinaiksing "Sa loob ang kulo," nakamamangha na tugmang-tugma ang mga kahulugan at tinutukoy sa mabaligho at di-sukat maintindihang konsepto ng di-malay.

Ang pananaliksik ay gagamitin ng metaphorolohiyang pilosopikal, at pilosopikal na pagsusuri ng konsepto bilang metodo, at hanggang maaari ang penomenolohikal na paguunawa sa pinanggalingang konteksto ang pinakamahalagang pamamaraan.

Mahalaga ang pananaliksik sa mga kasalukuyang proyekto sa Pilipinong agham panlipunan, na magtalaga ng mga maka-Pilipino at totoong Pilipinong agham panlipunan na nakaugat sa mga katutubong Pilipino na pag-iisip, pananalita, adhikain at pagkilos. Ayon kay V. Enriquez (1994) ang mga Pilipinong metapora ay kasama sa mga paniniwala, kaalaman, at asal hinggil sa mga sikolohikal na bagay, na bubuo sa Sikolohiyang Pilipino.

Ang pag-aaral na ito ay ihahambing ang "sa loob ang kulo" sa "tip of the iceberg" ni Freud, dahil pareho silang metaporang topolohikal, at ipapakita ko na mas matatag Pilipinong metapora sa mga kanluraning kritisismong Post-Freudian sa konseptong di-malay ni Freud.

### **Intuitive Perception of Politicians' Loob (Intwetiv na Pananaw ng Loob ng mga Pulitiko)**

Marshaley J. Baquiano at Gilda Dans-Lopez

Davao Oriental State College of Science and Technology; Ateneo de Manila University

Pinag-aralan ng proyektong ito ang konsepto ng *loob* at siniyasat ang intuitive na pananaw ng mga Pilipino sa *loob* ng ilan sa mga nangungunang pulitiko sa bansa. Layunin nitong alamin ang mga elemento ng loob at matukoy ang mga pulitikong naging pinakamagandang halimbawa sa bawat elemento nito. Apatnapu't siyam (49) na mga mag-aaral na nasa unang taon sa kolehiyo ang nag-*rate* sa pitong (7) pulitiko sa labinlimang (15) mga pang-uri ng loob. Gamitin ang *principal component analysis*, naihayag ang apat (4) na mga kategorya ng loob: *Kaaya-ayang loob*, *Hindi Mapagtotoong loob*, *Malakas ang loob* at *Malambot ang loob*. Sapamamagitan ng *correspondence analysis*, nakitang sina Escudero at Roxas ay halimbawa ng may kaaya-aya ang loob. Si Estrada naman ang halimbawa ng may hindi mapagtotoong ang loob; si Lacson ang halimbawa ng may malakas ang loob; at sina Villar at de Castro ang halimbawa ng may malambot ang loob. Tinalakay ang implikasyon kung paano tinitingnan ang loob ng mga pulitiko.

### **PAKIKIPAGKAPWA-KALOOBAN: Loob as the Repository and Medium for Peace**

Alvin A. Sario

Aquinas University of Legazpi

Sa pamamagitan ng ating pakikipag-ugnayan sa mga pilipinong nangahas mamilosopiya sa konsepto ng loob (Lacaba, Mercado, Salazar, de Mesa, at Ferriols), makikita natin na ang loob ay "ang ubod o pinagbubukalan ng pagkatalo at ang kinasasalalayan ng tunay na pagkatalo. At ito rin higit sa lahat ang syang pinakalundayan ng pagkanilikha na salalayan ng mga ideya, damdamin, at pagkilos". Ngunit ang loob bilang loob ay kinakailangang di lamang maging loob, ninanais nitong makipag-ugnayan sa ibang loob. Sa pamamagitan ng ugnayang ito, namamalay at nadarama ng loob ang kanyang sarili bilang loob. At dito umuusbong ang relasyong loob at labas na binubuo ng kapwa bilang kapwa-loob at Maykapal

bilang Loob ng mga loob. Naisasalob ng loob ang labas dahil sa mundo ng abot: abot-malay, abot-dama, at abot-kaya. Ito ang batayan ng pakikipagkapwa-kalooban. Ang loob sa konteksto ng kapwa bilang batayan ng lipunan ay batayan ng pag-ibig, katarungan, at kapayapaan, na siyang batayan at buod ng pakikipagkapwa-kalooban.

### **Pag-aampon sa Konteksto ng Kagandahang-Loob**

Lars Ubaldo  
De La Salle University

Nakatuon ang papel pananaliksik sa pag-unawa sa isa sa mga kumplikadong usapin kaugnay ng mga nabubuong ugnayan sa lipunang Pilipino—ang pag-aampon. Upang maunawaan ang penomenong ito sa lipunang Pilipino, ipinapanukala ng pananaliksik ang pagtunghay sa pag-aampon sa konteksto ng iba't ibang yugto ng kasaysayan ng Pilipinas. Sa ganitong paraan, mauunawaan kung paano ito tinitingnan ng mga Pilipino sa harap ng kanilang nararanasang pagbabagong panlipunan, pangkamalayan, pangkabuhayan at pampulitika. Palasak sa kasalukuyan ang negatibong imahen ng pag-aampon na kung tutuusin ay tinitingnan normal at katanggap-tanggap noong nakaraang panahon. Hindi rin maiiwasan sa kasalukuyan na tingnan ang pag-aampon batay sa masalimuot na panuntunang legal na dati-rati'y hindi naman dumaraan sa ganitong proseso sapagkat may mga likas na pagtatakda ang lipunan sa pamamaraan ng pag-aampon.

Sa pamamagitan ng paggamit ng pamamaraang pangkasaysayan, makikita kung anu-anong mga pagkakataon ang nagtutulak sa pagpapa-ampon at pag-aampon at kung anu-anong ugnayan ang maaaring mamagitan sa inampon at nag-ampon. Isinusulong din ng papel ang pag-unawa sa pag-aampon sa konteksto ng kagandahang loob, isa sa mga susing kataga sa siko;ohiyang Pilipino. Bunsod ito ng mga pagpapalawak ng pakahulugan sa pag-aampon gamit ang mga katagang *pagtangkilik*, *pag-aalaga*, *pag-aaruga*, *pagkukop*, *pagpapalaki*, *pagtulong*, *pagdamay* bukod sa iba pa.

### **POSITIBONG PAKIKIPAG-UGNAYAN**

CSS AVR

November 26, 11:00-12:00 n.t.

### **Paghatol: A Helping Practice as Perceived by Helpers of and by Selected Street-Working Children in Legazpi City**

Jean E. Cardíño, MAPsy  
Aquinas University of Legazpi

Meron nga bang maituturing na indigenous counseling at psychotherapy na maaring gawing alternatibo sa madalas gamitin at popular na Western-based counseling? Sa kadahilanang ito na sinubukan ng mananaliksik na mag-explore at suriin ang paghatol, isang terminolohiyang Bicolano, bilang isang nakaugaliang paraan ng pagtulong ng mga magulang at tagapag-alaga sa ilang mga batang lansangan sa Legazpi City.

Sa pamamagitan ng case study technique, pagtatanong at pagmamasiid ay napag-alaman na karamihan sa mga batang nagtatrabaho sa lansangan ay mga lalaki mula 10 hanggang 17 taong gulang. Samantala, karamihan naman sa mga tumutulong sa kanila ay mga babaeng miyembro ng kanilang pamilya at madalas ay mga nanay. Gayundin ay napag-alaman na karaniwang problemang kinakaharap ng mga bata ay suliraning pampinansiyal, pag-aaral, at pamilya.

Sa pananaw ng mga bata, isinasagawa ang paghatol sa pamamagitan ng pangangaral at pamamalo, samantalang sinasabi naman ng mga helpers na maliban dito, ito din ay sinasabayan ng pagbibigay ng payo, pagtuturo ng wasto o tama, at pagtatanong upang malaman kung paano mapapabuti ang lagay ng mga bata. Ayon sa mga nakapanayam, ang paghatol ay epektibong pamamaraan ng pagtulong sapagkat naitutuwid nito ang maling ugali nga mga bata, at napapabuti ang kanilang kilos, pag-uugali, at pakikitungo sa ibang tao.

## **Ang mga IBANG-TAO at HINDI-IBANG-TAO sa FACEBOOK: Mga antas ng pakikipagkapwa sa larangan ng isang social networking site**

Pia Anna Perfecto Ramos  
Ateneo de Manila University

Ayon kay Enriquez (1985), may 8 antas ng pakikipagkapwa – 5 sa mga ito ay nasa kategorya ng ibang-tao at ang 3 naman ay nasa kategorya ng hindi-ibang-tao. Ang mga antas ba na ito ay makikita rin sa isang social networking site tulad ng Facebook? Anu-ano ang nangyayari sa mga antas na ito kapag ang “face-to-face” na pamamaraan ng pakikipagkawa ay napapalitan na ng tinatawag na “wall-to-wall interaction”?

Napatunayan sa kwalitatibong pag-aaral na isinagawa gamit ang pamamaraan ng ginabayang talakayan na 5 antas lamang ng pakikipagkapwa ang nababanaag sa Facebook. Gamit ang datos galing sa 126 na mag-aaral mula sa dalawang unibersidad dito sa Manila, maliban sa 5 antas na ito, ang mga ibang-tao ay maaaring maging hindi-ibang-tao kapag nagiging regular at palagian ang pagpapalitan ng mga kuro-kuro at larawan sa Facebook. Napatunayan din sa pag-aaral na ito na ang antas ng pakikipagpalagayang-loob ang antas na pumapagitna sa kategorya ng ibang-tao at hindi-ibang-tao. Makahulugan din ang pagkawala ng antas ng pakikisama kapag ang pakikipagkapwa ay nangyayari na sa cyberspace.

### **Lay conceptualizations and behavioral manifestations of Pakikisama**

Maria Guadalupe C. Salanga  
Homer J. Yabut  
De La Salle University

Conceptualizations and manifestations of the indigenous Filipino concept of pakikisama were explored in samples of university students in two sequential qualitative data-gathering phases. For the first phase, participants completed open-ended questionnaires about their definition of pakikisama, qualities and behaviors of “taong marunong makisama” and “taong hindi marunong makisama”, and personal experiences that highlight the manifestation of qualities and behaviors that exemplify pakikisama. Focus group discussions were conducted with a different sample of university students to further explore manifestations of pakikisama and contexts where pakikisama operates. Findings are presented using themes centered on behavioral manifestations of pakikisama, situational factors where pakikisama operates, and relational characteristics of individuals engaged in pakikisama. Implications for theory and research in indigenous Filipino psychology are discussed.





SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

SLPC  
1991



**BREAD THIS GOOD CAN ONLY  
COME FROM THE COUNTRY'S  
MOST MODERN BREAD  
MANUFACTURING PLANT**

Gardenia Bread.  
Made only with Gardenia's finest ingredients.  
Processed and baked using our most  
technologically advanced equipment  
and proprietary baking process.

So you can enjoy fresh bread that's  
great-tasting, soft, aromatic  
and nutritious.

Because you value quality,  
you deserve only the best  
from Gardenia.



See Gardenia's most modern bread plant. For free group plant tour bookings, call us at 091 889-56097, 520-8114-66c, 258 or visit us at [www.gardenia.com.ph](http://www.gardenia.com.ph)

ASC Ref. No. G138P043010L

Nagpapasalamat ang PSSP kay  
**Michiko Hosojima**  
para sa kanyang mahalagang  
kontribusyon sa kumperensya.

*Siya ang gumawa ng logo ng kumperensya,  
disenyo ng t-shirts, video, at iba pa.*



amahan ng mga  
Mag-aaral sa  
Sikolohiya



Dlsu Sms  
<http://www.facebook.com/dlsu.sms>



[dlsu.sikolohiya@yahoo.com](mailto:dlsu.sikolohiya@yahoo.com)



<http://dlsusms.multiply.com>



<http://www.sms-dlsu.org>

Room 308-309 St. Joseph Hall, De La Salle University, 2401 Taft Avenue, Malate, 1004, Manila Philippines



# De La Salle University

## College of Liberal Arts

### Psychology Department

#### VISION

The Lasallian Psychology student is a critical, self-aware learner graduated in Christian Values, demonstrating integrity in scientific inquiry and in personal and interpersonal contexts.

#### MISSION

The Psychology Department develops competencies in critical inquiry, social engagement, and lifelong learning of students who will protect human dignity and freedom.

Psychology Department offers  
Master of Science in Psychology  
major in

- Clinical Psychology*
- Human Development Psychology*
- Industrial/Organizational Psychology*
- Psychological Measurement*
- Social Cultural Psychology*

For inquiries, contact:  
Graduate Admissions Office  
Tel. no. 5244611 loc. 468  
[www.dlsu.edu.ph/admissions/gao](http://www.dlsu.edu.ph/admissions/gao)



University of the Philippines Baguio  
**COLLEGE OF SOCIAL SCIENCES**

The College of Social Sciences is  
one of the three Colleges of the University of the Philippines Baguio.  
It offers both undergraduate and graduate programs

### BA SOCIAL SCIENCES

The BASS program takes its roots in the College's belief that social science education can and must crucially contribute to a better understanding of diverse cultures and their interrelationships in the region. The College offers a curriculum that is both interdisciplinary and socially committed. Currently, it offers an undergraduate degree in Social Sciences following a major-minor scheme. The major areas of concentration

- B.A. Social Sciences (Economics)
- B.A. Social Sciences (History)
- B.A. Social Sciences (Social Anthropology)

### BS MANAGEMENT ECONOMICS

It is an undergraduate program which provides students with knowledge and skills in management and economics. This unique program develops in students a more holistic perspective of decision making in business operations, preparing them for careers in professional management, corporate planning, technical analysis, and industry analysis.

The advantage of the program is the combination and integration of theory and application from Business Administration and Economics courses as well as research training for industry

### MA SOCIAL AND DEVELOPMENT STUDIES

The Master of Arts in Social and Development Studies (M.A. SDS.) is a graduate degree program in social science where approaches from the various social science disciplines are utilized to analyze the issues and problems of development.

### MASTER OF MANAGEMENT

The MM program seeks to provide its students with the theoretical background and practical skills needed in the efficient and effective management of all types of organizations. It is a non-thesis graduate program enabling its graduates to assume leadership and supervisory management positions.



Address: College of Social Sciences,  
University of the Philippines Baguio  
Governor Pack Road  
2600 Baguio City, Philippines  
Telephone: +63 74 442 2427  
Website: [www.upb.edu.ph/css](http://www.upb.edu.ph/css)



## **Wayfair Tours, Inc.**

G/F Don Jacinto Bldg., 141 Salcedo St.,  
Legaspi Village, Makati City, M.M., Philippines

Tel. Nos.: (632) 893-9761; 8939762; 893-9776;  
813-5368; 840-5392; 8405393; 8135431; **8135237**

Fax No. : (632) 813-5464

Website : [www.wayfairtours.com.ph](http://www.wayfairtours.com.ph)

E-mail : [wayfair@skynet.net](mailto:wayfair@skynet.net)

[info@wayfairtours.com.ph](mailto:info@wayfairtours.com.ph)

Travel Expertise for more than 39 years

### SERVICES OFFERED:

- **Domestic and International Flight Reservations and Ticketing**
- **Domestic and International Reservation of Cruises, etc.**
- **Domestic and International Hotel Reservations**
- **International and Domestic Tour Packages**
- **Passport, Visa (s) and Immigration Assistance**
- **All Travel Related needs**

